

# 1: Ang Kasaysayan ni Jesus

1. Ang kasaysayan ni Jesus,  
Isulat sa puso ko;  
Ipahayag mong may lugod,  
Buhay ni JesuCristo.  
Umawit ang manga anghel  
Noong S'ya'y isinilang,  
"L'walhati sa Dios sa langit;  
Sa lupa'y kapayapa'n."

*Koro*

*Ang kasaysayan ni Jesus,  
Sa puso ko'y isulat.  
Mahalagang kasaysayan,  
Ipahayag sa lahat.*

2. Sa ilang S'ya'y nagayuno;  
Nagtiis na magisa  
Dahil sa 'tin S'ya'y tinukso  
Nguni't 'di nagkasala.  
Ihayag mo ang gawa N'ya,  
Hirap at kalungkutan;  
S'ya'y 'tinakwi'l at hinamak,  
Lubhang pinasakitan.
3. Nang sa krus, S'ya'y ipinako,  
Nagtiis sa parusa.  
Ihayag ang kamatayan  
At pagkabuhay Niya.  
Nakita kong maliwanag,  
Wagas na pagibig N'ya;  
Dahil sa 'kin, S'ya'y nagdusa;  
Aking susundan Siya.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 2: Si Jesus Lang ang Balita

1. Si Jesus lang ang balita  
Na ating sasaysayin;  
S'ya'ng laging dadakilain  
At tanging pupurihin.

*Koro*

*O, si Jesus at S'ya lamang,  
Aawitan ng tanan.  
Tagapagligtas na tunay,  
S'ya'y makapangyarihan.*

2. Si Jesus ang Manliligtas –  
Pinasan, ating sala.  
Kat'wiran at kalakasan,  
Tayo'y binibigyan N'ya.
3. Jesus, S'yang kapangyarihan  
Sa nagpapakumbaba;  
H'wag matakot ni manghina –  
Biyaya N'ya'y sagana.
4. S'ya ang Pangino'n at Hari;  
Kalooban N'ya'y tupdin.  
Ipaglingkod at isuko,  
Ating puso't layunin.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Converse

### 3: Lalong Makilala si Cristo

1. Nais kong makilala pa  
Si Cristo at biyaya N'ya;  
Pagibig N'ya't kasakdalan,  
Sa 'king buhay ay mamasdan.

*Koro*

*Lalong makilala*

*Ang pagliligtas N'ya*

*At ang pagibig na lubos*

*Ni Cristong sa 'ki'y tumubos.*

2. Nais kong maunawaan  
Ang banal N'yang kalooban;  
Diwa ng Dios ang guro ko,  
Tungkol kay Cristo ang turo.
3. Ninanais ng puso ko,  
Pakikisama kay Cristo,  
At sa tinig N'ya'y makinig,  
Sa salita N'ya'y manalig.
4. Nawa, ako'y laging handa  
Sa pagsalubong sa Kanya,  
At kasama N'yang magmana  
Ng manga gintong yaman N'ya.

meter→ 8, 8, 8, 8, 6, 6, 8, 8

## 4: Magsalita, O, Jesus

1. Magsalita, O, Jesus,  
Sa kalumanayan;  
Ibulong Mo sa akin,  
“Hindi ka iiwan.”  
Buksan ang aking puso  
Nang makinig sa 'Yo;  
Diwa ko ay puspusin,  
Magagalak ako.

*Koro*

*Ngayon mahal na Cristo,  
Ika'y magsalita,  
“Mananaig kang lagi,  
Magiging malaya.”*

2. Kami'y Iyong akayin  
Sa banal Mong daan;  
Kami ay Iyong bigyan  
Ng 'Yong kagalakan.  
Inihahandog namin  
Sa Iyong dambana  
Ang aming puso't buhay  
Hanggang makita Ka.
3. Tulad noon, O, Jesus,  
Ngayon, magsalita;  
Ang pananagutan ko,  
'Yong ipaunawa.  
Ika'y lul'walhatiin  
At pupurihin ko;  
Ako ay tatalima  
Sa buong buhay ko.

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

## 5: Ating Minamahal ang Da'n

1. Ating minamahal ang da'n  
Na nilakaran ni Cristo.  
Naglalakbay tayo rito,  
Sa tahanan N'ya patungo.

*Koro*

*Kay Jesus ay natagpuan,*

*Daan ng katotohanan.*

*Sa Kanya'y h'wag humiwalay*

*Habang tayo ay may buhay.*

2. Naririnig ang tinig N'ya;  
Sa Kanya'y nagpapaakay.  
Alam nating sa hantungan,  
May kapahingahang tunay.
3. Dios natin ay mahabagin –  
Hinanap tayo sa dilim,  
Inakay tayo sa ilaw;  
S'ya ay ating pupurihin.
4. Tayo'y hindi matatakot;  
Ang bisig N'ya ay malakas.  
Tayo'y Kanyang iingatan  
Na magtapat hanggang wakas.

Copyright→ ©

composer→ James M. Black

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Truest Friend (altered)

## 6: Ako Kaya ang Dahilan?

1. Ang mal'walhati N'yang trono,  
Iniwan ni JesuCristo.  
Ako kaya ang dahilan,  
Langit ay Kanyang nilisan?

*Koro*

*Oo, sa 'kin, dahil sa 'kin;  
Upang ako ay tubusin  
Ay inialay ni Cristo,  
Buong buhay sa Calvaryo.*

2. Ibinalita ng anghel,  
Narito na si Emmanuel.  
Ako kaya ang dahilan,  
S'ya'y 'sinilang sa sabsaban?
3. Sa halamanang madilim,  
Si Jesus ay nanalangin.  
Ako kaya ang dahilan,  
Dusa'y Kanyang naranasan?
4. Ipinako Siya sa krus;  
Ang dugo N'ya'y ibinuhos.  
Ako kaya ang dahilan  
Ng Kaniyang kamatayan?

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

## 7: Sa Paanan ni Jesus

1. Taglay ang bagbag na puso  
Sa paanan ni Jesus,  
Salita N'ya'y dinirinig,  
Ang galak nati'y lubos.  
Aliw sa gitna ng subok,  
Tibay sa layong wasto,  
Puso nati'y pinupuspos  
Ng pagibig ni Cristo.  
Puso nati'y pinupuspos  
Ng pagibig ni Cristo.
2. Kaylangan sa arawaraw,  
Sa paglakad sa daan,  
Si Jesus ay paglaanan  
Ng panaho't pakinggan.  
May lakas sa pagbabaka,  
Napasigla ang puso,  
At nananatiling tapat,  
Magtatagumpay tayo.  
Sa pananatiling tapat,  
Magtatagumpay tayo.
3. O, piliing tumalima  
Nang kalugdan N'ya tayo.  
Tayo'y pagkakalooban  
Ng Kanyang Espiritu.  
Tinig N'ya ay naririnig  
Habang S'ya ay kasama;  
May tunay na pagpapala  
Sa pakikisama N'ya.  
May tunay na pagpapala  
Sa pakikisama N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 8: Dalisay ang Salita

1. Dalisay ang salita ng Pangino'n;  
Utos N'ya'y mahal sa akin –  
Tanglaw sa manga paa ko at landas  
Hanggang wakas ng lakbayin.

*Koro*

*Mahalaga kaysa pilak at ginto,  
At sa rubi ay higit pa,  
Ang maupo sa harap ng Pangino'n  
At makinig sa tinig N'ya.*

2. Kalooban ng Pangino'n, kay ganda,  
Kung sasangayon sa Kanya.  
Ang salita N'ya'y may buhay at diwa –  
Kay tamis sa 'king kalul'wa.
3. Sa pakikinig at sa pagtalima,  
Ligtas ang aking kalul'wa.  
Anong sarap ng manga tuntunin N'ya;  
Pagpupuri ko'y sa Kanya.
4. Nawa'y maging sakdal ang aking puso;  
Utos Mo ay kalugdan ko.  
Iyong ikiling, puso ng lingkod Mo  
Sa 'Yong manga patotoo.

Copyright→ ©

meter→ 11, 8, 11, 8, 11, 8, 11, 8



## 9: Nasumpungan Namin si Cristo!

1. Kayo ngang nagsisigunita  
Kay Jesus at gawa N'ya,  
Halina't makigalak sa 'min  
'Pagka't nasumpungan S'ya.

*Koro*

*Nasumpungan namin si Cristo!  
At ngayo'y nagagalak kami.  
S'ya ang balita ng manga propeta,  
Hari ng manga hari.*

2. Kayo ngang uhaw sa salita  
Na s'yang tubig ng buhay,  
Pumarito at makigalak  
Kayong nangaghihintay.
3. Si Cristo na nangaral noon,  
Nananahan sa tao;  
Sa Kanyang kapakumbabaan  
Ay lumalapit sa 'yo.
4. Ibalitang may kagalakan,  
"Natagpuan namin S'ya!"  
Hanggang sa silang humahanap,  
Magtamo ng pahinga.

Copyright→ ©

meter→ 9, 7, 9, 7, 9, 9, 11, 7

## 10: Pakinggan Ninyong Lahat

1. Pakinggan ninyong lahat  
Ang tinig ni Cristo.  
Pinto ng pagasa'y bukas –  
Pumasok na kayo.

*Koro*

*Tumatawag S'ya –  
Pakinggan ninyo;  
S'ya ay 'di magluluwat –  
Sasarhan ang pinto.*

2. Sa may tubig na buhay,  
Siya'y naghihintay.  
S'ya'y kaybigan ninyong tunay,  
Ngayo't habang buhay.
3. Pagibig N'ya ay sapat;  
Pahinga'y lalagi.  
Ang buhay Niyang matapat,  
Sasa inyong lagi.
4. Kayo'y patatawarin  
Sa kasalanan n'yo.  
S'ya'y namatay sa Calvaryo  
Nang dahil sa inyo.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 8, 6, 5, 5, 7, 6

tune→ Welcome Voice

# 11: Ako'y May Kaibigang Tunay

1. Ako'y may Kaibigang tunay,  
Nagdudulot ng kasiyahan.  
Sa Kanya, ako'y may tagumpay,  
At puso ko'y may kagalakan.

*Koro*

*Pagibig ko, dagdagan Mo;  
Ikaw ay lalo kong pahalagahan.  
Ihahayag ko sa mundo,  
Ako'y sa 'Yo kaylan pa man.*

2. Ang daan N'ya'y nais kong sundan;  
Sa Kanya puso'y nakalaan.  
Mula sa mundong tinalikdan,  
Ang puso ko'y hinuhugasan.
3. Habang buhay, iibigin S'ya;  
Aking ipagmamalasakit.  
Buong tiwala ko'y sa Kanya  
Ngayon at magpahanggang langit.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 9, 9, 8, 11, 8, 8

tune→ Aloha Oe

## 12: Kung Aking Lahat ang Mga Bagay

1. Kung aking lahat ang manga bagay  
At walang Manliligtas sa buhay,  
Makasusumpong kaya ng aliw  
Sa pangakit na nagmamaliw?  
Lahat man ng manga kayamanan  
At anumang nasa sanlibutan,  
Kaylan ma'y 'di maaring itulad  
Sa buhay na Cristo'y nahayag.
2. Kung ako man ay may kayamanan  
At pangalan ko'y iginagalang –  
Ito ba'y magbibigay pagasa  
At kanlungan ng kaluluwa?  
Kung aking lahat ang manga bagay  
At walang Manunubos sa buhay,  
Kaluluwa ko ba'y may daungan  
At sa sala ko'y may papasan?
3. Ang mapakay Cristo'y anong galak;  
Lunas sa manga pusong may sugat.  
Bawa't sala'y may kapatawaran.  
May aliw sa 'king kalungkutan.  
Kung si Jesus na lamang ang akin,  
Kahit na ako'y dukha't hamakin,  
Sa katunayan, dahil kay Jesus,  
Ang kasiyahan ko ay lubos.

meter→ 10, 10, 10, 9, 10, 10, 10, 9

## 13: Sino'ng Hari ng Lahat?

1. Sino'ng Hari ng lahat?  
Pagasa'y 'nilalahad;  
Sa kamatayan Niya,  
Niligtas 'yong kalul'wa.  
Sa dakong walang hanggan,  
Ang may nais, tatahan.
2. Sino S'yang nagpupunla  
Ng buhay na salita  
Sa iyong puso ngayon  
Kung ikaw ay sangayon?  
'Pag S'ya ang naghahari,  
Tagumpay 'yong bahagi.
3. Sino'ng Hari sa tao  
Na 'tinakwil ng mundo,  
Nagbibigay ng ilaw,  
Pagasa sa naligaw?  
Kanyang inilalapit,  
Kaharian ng langit.
4. Jesus, Hari't Pangino'n,  
Tanggapin mo S'ya ngayon;  
Luklukan N'ya'y puso mo –  
Namatay dahil sa 'yo  
Nang ikaw ay manahan  
Sa Kanyang kaharian.

Copyright→ ©

meter→ 7, 7, 7, 7, 7, 7

## 14: Mayro'ng Isang Kaharian

1. Mayro'ng isang kahariang 'di lilipas,  
Ng kapayapa'n, galak, at kat'wiran.  
Sa loob, may ganda't yamang 'di kukupas;  
Kay lapit sa 'yo nitong kaharian.

*Koro*

*Siyang naghahari, pagpapalain ka;  
Sa Kanya'y pasakop at sumamba ka.*

2. Sa kahariang ito, may isang Hari;  
Nais N'yang puso mo ay pagharian.  
S'ya'y karapatdapat at sakdal sa dunong;  
Bibigyan ka N'ya ng kapangyarihan.
3. Ngayon, ang Hari'y humahanap ng trono  
Nang puspusin N'ya ng biyaya ito.  
H'wag magatubili, S'ya ay sumasamo;  
Ang tronong ito ay ang iyong puso.

Copyright→ ©

meter→ 12, 11, 12, 11, 12, 11

## 15: Ihasik Mo, Salita N'ya

1. Salita ng Dios, banal at tunay,  
Gaya ng binhi, ay may buhay.  
Isaysay sa 'kin ang balita N'ya  
Nang mabuhay ang aking kalul'wa.

*Koro*

*Ihasik mo, salita N'ya –  
Dulot ay buhay sa 'king kalul'wa.*

2. O, maghasik kang may pagtit'yaga;  
Ang salita N'ya'y mahalaga.  
Ang Evanghelyo, saysaying lubos  
Pagasa kong maging anak ng Dios.
3. Ipahayag mo, buong balita;  
Kagandahan N'ya'y ipakita.  
S'ya'y pipiliin ko habang buhay  
Nang sa puso ko'y magharing tunay.

Copyright→ ©

meter→ 10, 9, 10, 10, 8, 10

## 16: Ang Pagliligtas ng Dios

1. Laging gawain ng Dios na iligtas  
Ang tao sa sala n'ya't maling landas.  
Ito ang Kanyang alok, walang iba,  
Na si Cristo, sa buhay mo'y makita.

*Koro*

*Ito ang pagliligtas ng Dios,  
Na sa 'yo'y manahan si Jesus.  
S'yang Panginoon ay ihayag  
Sa buong buhay mo nang maliwanag.*

2. Manga buhay nila'y pinaghahambing,  
Sa wastong asal, langit nais kamtin;  
Nguni't buhay na 'di binago ng Dios,  
Walang pagasang manahan kay Jesus.
3. Kaibigan, kung tapat ang puso mo,  
Cristo'y gawing Pangino'n at sundin mo.  
H'wag matakot ihayag ang ngalan N'ya;  
Lakas sasa iyo kung susuko ka.

Copyright→ ©

meter→ 11, 11, 11, 11, 9, 9, 9, 11



## 17: Sumunod sa Akin

1. “Sumunod sa Akin,”  
Wika ni Jesus sa ’kin,  
“Ikaw ay aakayin Ko  
At magiging ama sa ’yo,  
Kung Ako’y ’yong susundin.”
2. “Sumunod sa Akin,  
At pahinga’y ’yong kamtin.  
Kayamanan, kasiyahan,  
Walang sukat kang bibigyan  
Kung Ako’y ’yong susundin.”
3. “Sumunod sa Akin,  
Nawa’y iyong pansinin;  
Itinanim, aanihin,  
Ano ang ’yong tatanggapin?  
Anak, Ako’y ’yong sundin.”
4. Susunod sa Iyo,  
Pa’ nong tatanggi ako?  
Hinanap at tinubos Mo,  
At Iyong tinanggap ako –  
Ngayo’y susunod sa ’Yo.

Copyright→ ©

meter→ 6, 7, 8, 8, 7

## 18: Si Jesus 'Di Nagbabago

1. Balita ng Evanghelyo, kaytamis nito –  
Si Jesus magpakaylan man, 'di nagbabago;  
Umiibig sa may sala't may kasakitan,  
Umaaliw sa kanilang may kalungkutan.

*Koro*

*Ang lahat ay nagbabago, hindi si Cristo;  
Kahapon, magpakaylan man, 'di nagbabago.*

2. Hinahanap ka ng kaybigan ng maysala;  
Lumapit na at sa Kanya ay sumamba ka.  
'Di ka N'ya hahatulan, sala'y iwan mo na;  
Tanggapin mo ang kapatawarang na alok N'ya.
3. Siyang lumakad sa dagat habang may bagyo,  
Ngayo'y makapapayapa sa iyong puso;  
Ang nanalanging maningas sa Getsemani,  
Nakikiramay sa 'ting nagdadalamhati.

meter→ 13, 13, 13, 13, 13, 13

## 19: Walang Hanggang Buhay

1. Sa bigat ng manga pasanin,  
Marami ang nalulumbay;  
Kung sila'y susuko kay Cristo,  
May galak at bagong buhay.

*Koro*

*Walang hanggang buhay,*

*Idinudulot ni Jesus.*

*Masaganang buhay!*

*Tayo ay Kanyang tinubos.*

2. Bakit ba ika'y nagpapasan  
Ng lungkot at kabiguan?  
Buksan ang puso mo kay Jesus;  
Tanggapin ang kagalakan.
3. Talikdan mo ang kalayawan  
Ng sala at sanlibutan.  
Lumapit sa bukal ng buhay;  
At si Cristo'y paglingkuran.

meter→ 9, 8, 9, 8, 6, 8, 6, 8

## 20: Nag-aanyaya si Jesus

1. Nagaanyaya si Jesus,  
“Sumunod ka sa Akin.  
Nagpapakasakit Ako  
Alangalang sa iyo.  
Alam Ko ang manga hilig,  
Tukso’t silo sa daigdig.  
Sa manga libis at bundok,  
Sumunod ka sa Akin.”
2. “Kahit na nagkasala ka,  
Kita’y patatawarin.  
Sa kahirapan at dusa,  
Palalayain Kita.  
Magtiwala ka sa Akin;  
Ang lumipas’yong limutin.  
Papahirin ko’ng luha mo,  
Sumunod ka sa Akin.”
3. “Ang iyong manga pasanin  
Ilagak mo sa Akin,  
Bawasan ang iyong takot  
Sa lambot ng pamatok.  
Sa iyong manga paggala  
Sa karagatan o lupa,  
Ako ang Tagapatnugot –  
Sumunod ka sa Akin.”

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 8, 8, 7

## 21: Dumaraan si Jesus

1. May puso bang umaasa,  
Nasa'y kapatawaran?  
Pakinggan mo ang balita –  
Si Jesus, dumaraan.

*Koro*

*Dumaraan si Jesus*

*Dito ngayon.*

*Dumaraan si Jesus,*

*Dumaraan S'ya ngayon.*

2. May puso bang nahahapo  
Sa bigat ng pasanin?  
Sa awa, S'ya'y sumasamo –  
Si Jesus ay tanggapin.
3. May puso bang nalulumbay,  
Pahinga'y inaasam?  
Sa Kanya, ika'y humimlay,  
Kamtin ang kasiyahan.
4. Lumapit sa Manunubos,  
Lasapin mo'ng pagibig;  
Lumapit na sa pintuan  
Na patungo sa langit.

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 4, 7, 7

## 22: Tanging si Jesus Lamang

1. Sa'n ako manganganlong  
Kung maunos sa da'n?  
Saan matatagpuan  
Ang katiwasayan?

*Koro*

*Tanging si Jesus lamang*

*Ang Manliligtas ko.*

*Matibay S'yang kanlungan,*

*Kapayapaan ko.*

2. Tawag N'ya narinig ko,  
"Lumapit ka sa 'Kin,  
Ikaw ay magpahinga,  
Pagibig Ko'y dam'hin."
3. Manga pasan ng buhay,  
Mabigat na dalhin;  
Matamis ang bulong N'ya,  
"Ilagak sa Akin."
4. Tuloy sa paglalakbay  
Tungo sa tahanan  
Na kasama si Jesus –  
May kapahingahan.

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

tune→ Sheltered

## 23: H'wag nga Kayong Mangatakot

1. H'wag nga kayong mangatakot –  
Tumalima't magtiis;  
S'ya ang tanging papatnugot  
Sa bundok at sa libis.

*Koro*

*H'wag nga kayong mangatakot;  
Pagkatapos maglabbay,  
Kakamtin n'yo'ng papuri N'ya  
At walang hanggang buhay.*

2. H'wag nga kayong mangapagod  
Pasanin ang inyong krus;  
Kahit masidhi ang tukso,  
May tagumpay kay Jesus.
3. H'wag nga kayong magsiurong  
Sa dakilang labanan;  
S'yang makiramay kay Jesus,  
May kaluwalhatian.
4. Kayo'y laging mangagtiis  
Upang tamuhin ninyo  
Ang dakilang gantimpala  
Na kaloob ni Cristo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Anchored

## 24: May Tuluyan ba si Jesus?

1. May matutuluyan kaya  
Si Jesus sa buhay mo?  
Tumutuktok, umaasa,  
Diringgin mo ba'ng samo?  
May tuluyan ba si Jesus –  
Ang Haring maibigin?  
Tumalima ka sa Kanya,  
At S'ya ay patuluyin.
2. May dako sa kalayawan  
At manga gawain mo,  
Nguni't walang matuluyan  
Si Cristo sa 'yong puso.  
Sa krus, S'ya ay nabayubay  
Sa ikaliligtas mo,  
Namatay S'ya dahil sa 'yo –  
Pinid pa rin 'yong puso?
3. Ikaw ba ay may panahon  
Na gugulin kay Jesus  
Habang tumatawag ngayon  
Sa kahabagan ang Dios?  
S'ya ay iyong dinggin ngayon  
Bago puso'y lumamig,  
At h'wag mo nang hintayin pa  
Na magmaliw ang tinig.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Room for Jesus



## 25: Si Jesus ang Ibig Ko

1. Sa iyo na itong mundo;  
Si Jesus ang ibig ko.  
Ang mundo'y puno ng daya,  
Nguni't tapat si Cristo.  
O, anong dakilang awa  
At pagibig N'yang wagas!  
Ang sakdal na katubusan –  
Buhay na walang wakas.
2. Sa iyo na itong mundo;  
Si Jesus ang ibig ko.  
Maunos man ang lakbayin,  
May awit ang puso ko.  
Sa akin ngang paglalakbay  
Samantalang may buhay,  
Ilaw N'ya ang s'yang tatanglaw  
At s'ya ring papatnubay.
3. Sa iyo na itong mundo;  
Si Jesus ang ibig ko.  
Tanging sa Kanyang krus lamang  
Ang pagmamapuri ko,  
Hanggang sa aking makita,  
Mukha ni JesuCristo  
At ang kal'walhatian N'ya  
Na hindi nagbabago.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Life Above

## 26: Pakinggan Mo Siya

1. Kung nais mong makasama  
Si Jesus sa buhay mo,  
Kailangan mong isuko,  
Buong buhay kay Cristo.

*Koro*

*Pakinggan mo Siya,  
Ika'y tinatawag N'ya.  
Sumunod sa Kanya  
Habang nabubuhay ka.*

2. Buksan mo ang iyong puso,  
Tanggapin ang salita.  
Magiging bukas ang langit;  
Patutuluyin ka N'ya.
3. Kung sararhan mo 'yong puso  
At S'ya ay tatanggihan,  
Hindi ka makapapasok  
Sa Kanyang kaharian.
4. Magpasya ka't tumalima;  
Patatawarin ka N'ya.  
Magpasakop ka kay Cristo,  
At aakbayan ka N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 7, 6, 7

## 27: Pagibig N'ya'ng Humanap sa 'Kin

1. Sa kahabagan ng Dios,  
Ako'y hinanap N'ya;  
Lipos ng kasalanan,  
Sa kawan, dinala  
Habang do'n sa kalangitan,  
Manga anghel, nagawitan.

*Koro*

*Ang Kanyang pagibig  
Ang humanap sa 'kin,  
At Kanyang dakilang biyaya,  
Sa kawan, naghatid sa akin.*

2. Ang kamay N'yang napako  
At putong na tinik,  
Hindi ba ito'y tanda  
Ng Kanyang pagibig?  
Sa aki'y ano'ng nakita  
Na ang dusa'y tiniis N'ya?

3. Oras ay lumilipas,  
Pahinga'y lubos na;  
Ako ay naghihintay  
Ng bagong umaga –  
Sa pagtawag N'ya sa akin  
Upang suma Kanyang piling.

meter→ 7, 6, 7, 6, 8, 8, 6, 6, 9, 9

## 28: Naririnig Ko'ng Tawag N'ya

1. Iniibig ng puso ko  
Ang daan ni JesuCristo.  
Naririnig ko ang samo,  
“Dating daan, layuan mo.”

*Koro*

*Naririnig ko ang tawag  
Ng aking Dios na may habag,  
Kaya ako'y susunod na  
Sa daang nilakaran N'ya.*

2. Mangutya man itong mundo  
Walang takot sa 'king puso.  
Mayro'n akong kaaliwan  
Dahil kapiling si Cristo.
3. Dahil sa handog ni Cristo,  
May bagong pagasa ako.  
Tanging nais ng puso ko,  
Ihandog sa Dios, buhay ko.
4. Lahat man ay laban sa 'kin,  
Tiwala ko'y sa Dios pa rin.  
May tagumpay at pahinga  
Sa tapat na pangako N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Consolation

## 29: Isinugo ng Dios ang Anak N'ya

1. Isinugo ng Dios ang anak N'ya  
Upang tayo'y tubusin.  
Tanggapin mo S'ya sa iyong puso;  
Ika'y palalayain.

*Koro*

*Naghihintay sa 'yong mat'yaga,  
Si Jesus, ang Pangino'n.  
Ninana'is N'yang pagharian ngayon,  
Puso mong sasangayon.*

2. Pagasa't buhay ay kaloob N'ya;  
Ito'y 'di magbabago.  
Ang lumalapit, 'di mabibigo  
Sa tapat N'yang pangako.
3. H'wag mong ipinid ang iyong puso  
Kay Jesus na namatay  
Upang iligtas 'yong kaluluwa,  
At ikaw ay mabuhay.
4. Makipagkasundo ka kay Jesus;  
Nagdusa dahil sa 'yo.  
Tanggapin mo S'ya sa iyong puso;  
Kagalaka'y kamtin mo.

Copyright→ ©

meter→ 10, 7, 10, 7, 9, 7, 11, 7

## 30: S'ya'ng Aking Kasiyahan

1. Buong buhay ay humingal  
Ang aking kaluluwa  
Dahil sa uhaw sa tubig  
Na s'yang makasisiya.

*Koro*

*Nasumpungan ko si Jesus!  
S'ya'ng aking kasiyahan.  
Sa Kanyang mahal na dugo,  
Ako'y may katubusan.*

2. Nagpagal ako nang lubos  
At umasa sa mundo,  
Nguni't walang katugunan  
Sa gutom at uhaw ko.
3. Ninais ko'y manga yaman  
Ng sanlibutang ito,  
Nguni't naging kutya lamang  
Sa daing ng puso ko.
4. S'ya'y bukal ng kasiyahan,  
Ang tinapay ng buhay,  
At 'dimalirip na yaman –  
Manunubos kong tunay.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 31: Wala Bang Tumutulong?

1. Magisang gumagala  
Sa dilim ng gabi,  
Kaaliwan ang nais,  
Liwang ang mithi,  
Sa manga kabiguan,  
Walang makaaliw,  
Ganyan ang walang Cristo –  
Walang Mangaaliw.
2. Wala bang tumutulong  
At umaalalay  
Sa pasanin at lungkot –  
Walang dumaramay?  
Kung puso'y nagdurugo  
Sa pakikilaban,  
May makakanlungan ba?  
May mapupuntahan?
3. Mayro'n ngang naghihintay,  
Ika'y daramayan  
Sa manga pasanin mo  
At kabalisahan.  
S'ya ay laging matapat  
At maaasahan,  
Kapatid at kaybigan –  
Sa iyo'y kanlungan.
4. Kadiliman ng ilang,  
Bakit 'di takasan?  
Bakit 'di mo iwanan  
Ang 'yong kalungkutan?  
Liwang ay sundan mo;  
Naghihintay na S'ya –  
Sa iyo'y nananabik  
Nang kalingain ka.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

## 32: Anak N'yang Alibugha

1. Inaksaya ko ang mana;  
Nagkasala nang lubha.  
Kay pait nang makilala,  
Ang aking pagkadukha.  
Nabigo, walang pagasa,  
Mata ko'y namulat na:  
Sa Ama ako'y lalapit  
Upang maging lingkod N'ya.

*Koro*

*Kasalanang 'di mabilang  
Ay ipinatawad N'ya;  
Kinahabagan N'ya ako –  
Anak N'yang alibugha.*

2. Kahit ako'y malayo pa,  
Ako'y nakilala N'ya;  
Tinanggap at pinatawad  
Bagama't nagkasala.  
Nagsaysay akong may hapis,  
Sala'y ipinagtapat;  
Hiniling kong maging lingkod  
'Di man karapatdapat.
3. Sala ko ay 'di pinansin  
Ng maibiging Ama.  
Agad, sa Kanyang tahanan,  
Ako'y pinatuloy N'ya.  
Yaman N'ya'y ibinahagi,  
Binihisan N'ya ako.  
Sa Ama ay nakisalo,  
Nalubos ang galak ko.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Land of Beulah



## 33: Mahalaga ang Kaligtasan

1. Ang Dios ay nagaanyaya  
Sa buhay na may Cristo.  
Lumapit ka, h'wag tanggihan;  
Kaligtasa'y sasa 'yo.

*Koro*

*Walang ibang mahalaga  
Kundi ang kaligtasan  
Ngayo't sa hinaharap pa,  
Sa kabilang buhay man.*

2. Dinggin ang manga propeta  
Na may payo't babala;  
Nang maligtas, lumapit ka  
Habang S'ya'y narito pa.
3. Isamo'y kapatawaran;  
Ito'y tatanggapin mo.  
Kay Cristo'y walang paghatol.  
S'ya lang ang kanlungan mo.
4. Ang Dios ay nagaanyaya,  
Ngayon ay lumapit ka.  
Daramtan ka ng kat'wiran;  
Buhay ay bibigyan ka.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 34: May Isa, si Jesus!

1. Mayro'n bang handang tumulong  
At sa ati'y daramay  
Kapag ang ating puso'y nasugatan?  
Isang, dahil sa pagibig,  
Sa ati'y nagbibigay  
Ng ating tunay na pangangaylangan?

*Koro*

*May isa, si Jesus!  
Walang makatutulad kay Jesus.  
Tayong nahihirapan  
At nabibigatan,  
Makasusumpong ng tulong kay Jesus.*

2. Mayro'n bang handang tumulong;  
Kapayapa'y gawad,  
Sa pusong nabibigatan sa sala?  
Isang nagbuhos ng dugo  
At may pagpapatawad  
Upang dalisayin ang puso't diwa?

3. Mayro'n bang handang tumulong  
At aakbay sa atin  
Pagtawid sa ilog ng kamatayan?  
Maghahandog ng liwanag;  
Pangamba'y papawiin  
Hanggang makasapit sa kalangitan?

meter→ 8, 7, 11, 8, 7, 11, 6, 10, 7, 6, 11

## 35: Dinggin Mo'ng Tinig ni Jesus

1. Dinggin mo'ng tinig ni Jesus;  
Tinatawag ka.  
Dahil sa 'yong kasalanan,  
Namatay Siya.

*Koro*

*Dinggin, dinggin,  
H'wag mong talikdan;  
Si Cristo ay iyong sundin  
Magpakaylan man.*

2. Sa bukal ng kasayahan  
Ng sanlibutan  
Ay dinanas mo ang hirap  
At kalungkutan.
3. Tatangi ka ba kay Jesus,  
S'ya, ang matapat?  
Sasamahan kang palagi;  
S'ya'ng magiingat.
4. Puso'y isuko kay Jesus,  
Sala'y talikdan;  
Sa t'wina, sa iyong buhay,  
S'ya'y mananahan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 5, 8, 5, 4, 5, 8, 5

## 36: Ako Noo'y Malungkot

1. Ako noo'y malungkot,  
Walang kagalakan;  
Gumala sa karimlan,  
Malayo sa kawan.  
Ako ay ginapusan,  
Sa sala'y nasadlak.  
Sa hapis ng kalul'wa,  
Nais ko ay galak.

*Koro*

*Ga'nong galak ng loob –  
Cristo'y nasumpungan,  
Sala ko'y hinugasan,  
Pahinga'y kinamtan.*

2. Hinanap ko ang yaman  
At ang kalayawan;  
Nguni't kabiguan lang  
Ang aking nakamtan.  
Wala akong pagasa  
Ni galak sa buhay;  
Ang tangi kong dinanas  
Pagsisisi't lumbay.
3. Lumalim pa ang dilim;  
Pagasa'y lumabo.  
Narito, narinig ko  
Ang tinig ni Cristo.  
Ang bulong N'ya sa akin  
Ay kapatawaran  
Ng aking kasalanan  
Na Kanyang pinasan.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

## 37: Si Cristo'y Siya Rin

1. Si Cristo'y Siya rin  
Kahapon, ngayon din,  
Walang hanggan.  
S'ya ay naging dukha  
At nagpakababa;  
Sinugo ng Ama –  
S'ya ang Daan.
2. “Maghari Ka, Cristo,  
Lagi sa buhay ko –  
Ito'y sa 'Yo.  
Iyong kalooban,  
Aking gagampanan;  
Dusa't kahirapan,  
Babathin ko.”
3. Ang manga hinirang,  
Mangagaawitan –  
Nagtagumpay.  
'Di na malulumbay  
At 'di mamamatay;  
Tinubos N'yang tunay,  
Ating buhay.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 4, 6, 6, 6, 4

tune→ Olivet

## 38: Panahon ay Nagdaraan

1. Panahon ay nagdaraan,  
Kay bilis na maglaho;  
Ito'y samantalain mo  
'Pagka't ika'y yayao.  
Maigsi lamang ang buhay,  
'Di magbabalik ito;  
'Yong lakas h'wag mong gugulin  
Sa yaman nitong mundo.

*Koro*

*Bumili ng gintong tunay  
At puting kasuotan.  
May pangitaing malinaw,  
Lumakad ka sa Daan.*

2. Panahon, nagtutumulin,  
'Di maaring pigilin.  
Anino ay nagbabadya,  
Na gabi'y dumarating.  
Hayo na't samantalain  
Habang may panahon pa –  
Hanapin mo'ng yamang tunay  
Na hindi masisira.
3. Nais ng Dios na gawin ka  
Na tulad sa Anak N'ya.  
H'wag mo nga S'yang pighatiin  
Ni hadlangan, gawa N'ya.  
Si Jesus lang ang kat'wiran –  
Magaral ka sa Kanya,  
S'yang puspos ng kaamuan;  
Tatamis 'yong pahinga.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 39: Mangyari, Dios, ang Kalo'ban Mo

1. Mangyari, Dios, ang kalo'ban Mo –  
Magpapal'yok Ka, putik ako.  
Sa wangis Mo, ako'y hubugin;  
Naghihintay na 'Yong saklawin.
2. Mangyari, Dios, ang kalo'ban Mo –  
Siyasatin, subukin ako.  
Dalisayin Mo ang buhay ko  
Habang iniaalay sa 'Yo.
3. Mangyari, Dios, ang kalo'ban Mo –  
Kapangyariha'y nasa Iyo.  
Hipuin at pagalingin Mo,  
Hapo at sugatang puso ko.
4. Mangyari, Dios, ang kalo'ban Mo –  
Nasa kamay Mo ang buhay ko;  
Punuin ng 'Yong Espiritu  
Nang makita sa 'kin si Cristo.

composer→ Geo C. Stebbins

meter→ 9, 9, 9, 9

## 40: 'Di Magtatagal ang Buhay

1. Kay tamis na maalaman  
Ang Mabuting Balita.  
Pupurihin ko si Cristo  
Dahil sa pagibig N'ya.

*Koro*

*'Di magtatagal ang buhay,  
Makikita natin S'ya.  
Sa langit ay walang hanggan  
Ang pakikisama N'ya.*

2. 'Pag daan mo'y nadirimlan,  
Masdan mo ang Calvaryo.  
Ang Anak ng Dios nagdusa,  
Dahil sa 'kin at sa 'yo.
3. Ipagpapaliban mo ba  
Ang balak ng Dios sa 'yo?  
Buhay ay maigsi lamang,  
Kalo'ban N'ya'y sundin mo.
4. Sa araw ng paghuhukom,  
Tayo'y makikilala;  
Sa harap ng Panginoon,  
Tatayong nagiisa.

Copyright→ ©

composer→ Elsie Ahlwen

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7



## 41: Kung Batid Natin, Wakas ng Buhay –

1. Habang araw ay dumaraan  
At ang buhay ay lumilipas,  
Tayo'y makinig sa manga payo  
Ng maibiging Manliligtas.

*Koro*

*Kung batid lang ang wakas ng buhay,  
Gagawin natin ang kalo'ban N'ya,  
At hindi natin hahamakin  
Ang laang gantimpala.*

2. Bawa't hakbang ay naglalapit  
Sa 'tin sa dulo ng lakbayin;  
Ito'y paalaala sa atin,  
Kabilang buhay tutunguhin.
3. D'on sa libis ng alinlangan,  
Manga buhay ay nasasayang;  
Ang abang daan ng Panginoon  
Ay kanilang tinatanggihan.
4. Papalapit na nga ang araw,  
Ang Hari'y ating makikita;  
Nasa kanang kamay N'ya ang setro,  
Handang tanggapin ang hirang N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 10, 9, 10, 10, 9, 7

## 42: “Lumapit Ka,” Anyaya ni Jesus

1. “Lumapit ka,” anyaya ni Jesus,  
“Upang ang puso mo ay magalak.  
Kahit nabibigatan kang lubha,  
May pahinga sa lahat ng hirap.”

*Koro*

*“Halika na, lumapit ka;  
Ibibigay Ko sa 'yo ang buhay,  
Kapayapaan, kapahingahan.”*

2. S'ya'y nagaanyayang muli sa 'yo;  
Pagal ka man at may kasakitan.  
Ang alinlangan mo'y mapapawi;  
Magkakamit ka ng kapayapa'n.
3. Buhay, pahinga, kapayapaan  
Na dito ay tinatanggap natin,  
Naglalarawan ng kagalakan  
Na sa langit, naghihintay sa 'tin.

composer→ Geo. C. Stebbins

meter→ 10, 10, 10, 10, 8, 10, 10

## 43: Pahinga, Payapa sa Kawan

1. Ang tinig ng Pastor ay tumatawag;  
Dulot N'ya'y tunay na yaman.  
Bakit gagala sa gitna ng sala?  
Pahinga, payapa sa kawan!

*Koro*

*Pahinga, payapa;*

*Pahinga, payapa*

*Sa kawan.*

2. Ang kaligayahan ng kasalanan  
Ay panandalian lamang.  
Ginto ng langit ay 'di masisira –  
Lumapit, lumapit sa kawan.
3. Ang tinig N'ya ay muling tumatawag;  
Bakit nagaalinlangan?  
Ang kasaganaan ay makakamtan –  
Pumasok, pumasok sa kawan.

Copyright→ ©

meter→ 11, 8, 11, 9, 6, 6, 3

## 44: Susundan kita, Jesus

1. Nilakaran ni Jesus ang mat'wid na daan –  
Patungo sa Amang Dios at sa kalangitan.  
Pakinggan, sundin natin ang Kanyang kat'wiran;  
Maliwanag, Kanyang manga hakbang.

*Koro*

*Susundan kita, Jesus, tutupdin ang lahat  
Ng Iyong kalooban at magiging tapat.  
Sapagka't ang biyaya Mo sa akin ay sapat,  
Buo kong kaya ang gagawin ko.*

2. Inihandog ni Jesus ang buong katawan,  
Nagtiis S'ya ng krus at ng kaparusahan,  
Ibinuhos ang dugo sa sangkatauhan –  
Binayaran N'ya ang katubusan.
3. Tayo'y dapat na magpatuloy sa lakbayin,  
Kahit mundo'y humadlang at tayo'y kutyain;  
Ang magtatagumpay ay Kanyang pupurihin,  
“Mabuting gawa, manga alipin.”

meter→ 13, 13, 13, 10, 13, 13, 14, 10

## 45: Ang Tinig ng Pastor

1. Ang tinig ng Pastor,  
Sa puso'y tumagos;  
Sala at kasamaan ko,  
Tatalikdang lubos.

*Koro*

*“O, Panginoon,  
Ako’y tanggapin;  
Buhay at pagibig Mo,  
Ihayag sa akin.”*

2. Ang buo kong buhay  
Ay isinusuko.  
Pahinga ng kawang tunay  
Ang nais ng puso.
3. “O, Pastor na tapat,  
Ika’y kaylangan ko  
Nang sa akin ay magingat  
Sa gulo ng mundo.”
4. Tinatawag ako  
Buhat sa paggala;  
Akin S’ya at ligtas ako –  
Sumasa puso N’ya.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 5, 5, 7, 6

## 46: Kinakailangan Ko si Jesus

1. Aking kinakailangan,  
Si Jesus makapiling.  
Ako'y Kanyang sasamahan  
At laging aaliwin.

*Koro*

*'Di ako matatakot –  
Si Jesus ang susundan.  
S'ya'y aking Tagapatnugot  
Sa daang lalakaran.*

2. Pananampalataya ko  
Ay totoong mahina,  
Nguni't ako'y aaliwin  
Ng manga salita N'ya.
3. Sa karimlan o liwanag,  
O sa along malagim,  
Ako'y Kanyang aakbayan;  
Sa daa'y aakayin.
4. Habang ako'y palapit na  
Sa aking kamatayan,  
Ako'y Kanyang sasamahan  
Hanggang sa katapusan.

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 8, 7

## 47: Buhay na Walang Cristo

1. Maari kayang mabuhay  
Kung wala si Cristo?  
At walang pumapatnubay  
Sa buhay na may gulo?

*Koro*

*Kung walang Tagapagligtas*

*Ni pagasa sa buhay,*

*Maari bang kahit sino*

*Mangahas na mamatay?*

2. Kaylumbay ng iyong buhay  
Kung wala si Cristo;  
Walang ilaw at pagasa  
Na aaliw sa iyo.
3. Kaydilim ng paglalakbay  
Kung wala si Cristo.  
Sa malalagim na unos,  
Gawin S'yang kanlungan mo.
4. O, lumapit ka kay Cristo,  
Puso'y ibigay mo  
Bago habag N'ya'y magmaliw  
At sabihing, "Lumayo."

meter→ 8, 6, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 48: Anong Bilis na Dumaan ang Buhay

1. Kay bilis, 'Yong padaraan  
Dito sa sanlibutan,  
Nguni't hantungan mo'y saan,  
Sa Dios ba't kalangitan?  
Panahon ay dumaraan,  
Nguni't tungo mo'y saan?
2. Kay bilis ng manga araw,  
'Di maaring pigilan.  
Kay tamis na maalaman,  
May ilang nagdaraan  
Na sa kanila, si Cristo,  
Tagaakay at daan.
3. Anong bilis kung lumipas,  
Manga hiram na oras;  
Nguni't iba'y walang ingat  
Sa buhay nila't lakas,  
At niyuyurakan nila,  
Dugo ng Manliligtas.
4. Lumilipas, dumaraan,  
Panaho'y mawawala;  
Gayon man, ang paanyaya  
Ng Dios ay patuloy pa,  
"O, halina, lumapit ka  
Sa Aki'y may buhay ka."

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Kingston



## 49: Marahan ang Kanyang Tinig

1. Marahan ang Kanyang tinig,  
“Kalul’wa, gumising ka.”  
Maawaing Panginoon,  
Ngayo’y dumaraan na.

*Koro*

*Lumapit ka ngayon;  
Si Jesus ay dumaraan.  
Marahil ito ang huli  
Na Niyang pagdaraan.*

2. S’ya’y nakikiusap sa ’yo,  
“Kasalanan ay iwan.  
Hanap mong manga aliwan,  
Dulot ay kalungkutan.”
3. May kapayapaang tunay  
Sa pusong sumusuko.  
Pagibig N’yang walang kupas  
Ay magiingat sa ’yo.
4. Kahit ang iba’y nagtaksil,  
Si Jesus, tapat pa rin.  
Tumindig ka at S’ya’y sundin;  
Buhay mo’y h’wag sayangin.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 8, 8, 7

## 50: Isang 'Di-Makitang Templo

1. Sa hapis at galak, tayo'y nagtatayo  
Ng isang 'dimakitang templo.  
Ito ay mananatili magpakaylan man,  
Kapag itatatag sa bato.

*Koro*

*Bawa't oras ay ginto –  
Gamitin at magtayo  
Ng isang templong mananatili.  
Ang lahat ng tagumpay,  
Tiyak magpapatibay  
Nitong templong mamamalagi.*

2. Ang gusaling ito'y ating binubuo  
Sa pagsunod kay JesuCristo.  
Dahil sa pagibig, kawanggawa sa kap'wa,  
Gagantimpalaan N'ya tayo.
3. Mangagpuyat tayo at tibayan natin  
Itong templong itinatayo.  
“H'wag sa buhanginan,” sabi ng Panginoon,  
“Kundi sa ibabaw ng bato.”

meter→ 12, 9, 13, 9, 7, 7, 10, 7, 7, 9

## 51: Sa Pagtawag ng Pangino'n Natin

1. Sa pagtawag ng Pangino'n natin,  
Siya ba'y ating sasalubungin?  
Marinig kaya, "Pumasok ka  
Sa kapahingahang handa na"?
2. Tayo ba'y nagtatayo ng bahay  
Sa ibabaw ng batong matibay?  
'Di mabubuwal, may unos man,  
At ito'y lalagi kaylan man.
3. Tayo ba'y nagtatayo ng bahay  
Sa buhanginang hindi matibay?  
Ito'y babagsak kung may unos,  
At mabibigo tayong lubos.
4. Kaya't magtayo ayon kay Cristo –  
Ang Bato natin, tanging Pangulo.  
S'ya'y ating sundan, may kutya man;  
Sa Kanya'y may katiwasayan.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 9, 9

## 52: Dinggin Mo, sa Oras

1. Ang buhay ay katulad  
Ng dahong nalalagas,  
Kaya't ika'y magnilay  
Sa oras.  
Lumilipas ang araw;  
Buhay ay magwawakas –  
Iyong samantalahin  
Ang oras.

*Koro*

*Dinggin mo, sa oras,  
Habang si Jesus ay tumatawag pa;  
Kung mananatili ka  
Sa iyong manga sala,  
Tangis mo'y mahuhuli  
Sa oras.*

2. Ang lakas, nawawala,  
At ganda'y kumukupas;  
Buhay ay napaparam  
Sa oras.  
Inaanyayahan ka;  
H'wag lumagi sa labas.  
Pumasok ka na ngayon –  
Sa oras.
3. Pansinin mo'ng babala  
Ng ating Manliligtas;  
Sa Kanya'y tumalima  
Sa oras.  
Ikaw ay h'wag maghintay  
Na araw ay lumipas;  
Buhay mo'y babawiin –  
Sa oras.

meter→ 7, 7, 7, 3, 7, 7, 7, 3, 6, 11, 7, 7, 7, 3

## 53: H'wag Labanan ang Espiritu

1. H'wag mong labanan ang Espiritu;  
Kanyang hinihintay ang pas'ya mo.  
Makigalak kay Cristo  
Sa kaharian ng Dios.

*Koro*

*H'wag mong sadyain,  
Manatili sa labas  
Ng kaharian ng Dios.*

2. Magmadali ka, at h'wag sayangin  
Panahon ng biyayang dumating  
Nang ika'y papasukin  
Sa kaharian ng Dios.
3. Pababayaan ba ang buhay mo,  
Hanggang huli na, pagsisisi mo;  
Masumpungang malayo  
Sa kaharian ng Dios?
4. Pakinggan mo ngayon ang tinig N'ya.  
Lumapit na at magpasakop ka  
Nang maging tiwasay ka  
Sa kaharian ng Dios.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 7, 7, 5, 7, 7

## 54: Ika'y Dadalhin sa Paghuhukom

1. Ikaw ay dadalhin ng Dios  
Sa huling paghuhukom.  
Pansinin mo at pakinggan  
Ang pagtawag N'ya ngayon.  
Lumapit ka na kay Jesus;  
Naghihintay na Siya.  
O, maniwala sa Kanya;  
Patatawarin ka N'ya.
2. Ikaw ay dadalhin ng Dios  
Sa huling paghuhukom.  
Kaybilis na lumilipas,  
Manga pagkakataon.  
H'wag mong sayangin ang buhay;  
Dinggin ang Kanyang tinig.  
Kanlunga'y matutuklasan  
Kung ika'y mananalig.
3. Ikaw ay dadalhin ng Dios  
Sa huling paghuhukom.  
'Di maaring maiwasan,  
Pagharap sa Pangino'n.  
Ikaw ay mapapahamak  
Kung tutuloy sa sala.  
Habang awa N'ya'y sagana,  
Ngayon ay pasakop ka.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Converse

## 55: Jesus, Ako'y 'Yong Turuan

1. Jesus, ako'y 'Yong turuan  
Upang pumiling maingat;  
May libong pas'ya sa buhay,  
May kahihinatnang lahat.  
Ika'y pumili rin noon,  
At higit pa'ng dinanas Mo  
Kaysa aking tinitiiis –  
Bakit 'di lalapit sa 'Yo?

*Koro*

*Jesus, ako'y 'Yong turuan,  
Nang ang pagpili ko ngayon,  
Maging gaya ng pili ko  
'Pag nagwakas ang panahon.*

2. Ako'y turuang pumili  
Sapagka't bata pa ako,  
At nasa mundong madilim  
Na puno ng manga gulo.  
Galak na 'di nagtatagal  
Na alok ng sanlibutan,  
'Di Mo pinansin, O, Jesus;  
Ika'y aking tutularan.
3. Ako'y turuang pumili;  
Iyong nauunawaan  
Ang hilig ng kabataan  
At silo sa sanlibutan.  
'Di ko man mabatid ngayon,  
Mahahayag pagkatapos  
Kung bakit itinuro Mo  
Na sumunod sa 'Yong lubos.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8

## 56: Si Jesus ay Tumatawag

1. Si Jesus ay tumatawag,  
At ako ay susunod.  
H'wag nawa akong hadlangan;  
Sabik akong sumunod.

*Koro*

*Paguusig, titiisin*

*Alangalang kay Jesus;*

*S'ya'y patuloy sa pagtawag –*

*Susunod akong lubos.*

2. Si Jesus ay tumatawag;  
Diringgin ko'ng tinig N'ya –  
Nagpapagalak sa puso;  
Takot pinapawi N'ya.
3. Si Jesus ay tumatawag;  
Ako'y makikiramay  
Sa Kanyang dusa at sakit  
Ngayon at habang buhay.
4. O, iyo ngang paningasan  
Ang taglay mong ilawan.  
S'ya ay tumatawag sa 'yo;  
Magtindig ka't S'ya'y sundan.

Copyright→ ©

composer→ Grant Colfax Tullar

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Vision



## 57: Iisa ang Buhay

1. Iisa lamang ang buhay dito,  
Parang singaw na lumilipas.  
Kailangang maglingkod ako  
Sa Kanya, ngayo't hanggang wakas.

*Koro*

*Iisa ang buhay –*

*Ibig kong ibigay kay Cristo.*

*Iisa ang buhay –*

*H'wag ko sanang sayangin ito.*

2. Ang buhay kong ito sa ngayon,  
Kung gamitin sa ngalan ng Dios  
Ay tutubo ng manga libo  
At makalulugod na lubos.
3. Iisa lamang ang buhay ko.  
Ang bukirin ay maputi na,  
Kaya, makikiani ako  
Kahit kaunti lang ang kaya.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 9, 9, 6, 9, 6, 9

## 58: Wala Bang Ilaw?

1. “Wala bang ilaw,” hibik ng kalul’wa,  
“Nang tanglawan, aking manga hakbang  
’Pagka’t ako ay nanlulupaypay na  
Sa kasamaan ng sanlibutan?”
2. Kay Jesus, ang ilaw ay nagniningning.  
Wika N’ya sa ’yo, “Ako ang Daan.”  
’Di kaylangang gumala sa karimlan;  
Lumapit ka, ’di ka babayaan.
3. Nagniningning na ang Ilaw sa iyo;  
Sundan mo ang Kanyang pagaakay,  
H’wag kang magluwat, baka dumilim na;  
Kung maiwan ka N’ya, anong lumbay!

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10

## 59: Buhay na Ukol sa Lupa

1. Buhay na ukol sa lupa,  
Minsan lang na taglayin.  
'Di maluwat, matatapos  
Itong ating lakbayin.

*Koro*

*Ano 'ng pakinabang  
Kung ika'y makakuha  
Ng ginto at kasayahan  
At buhay mo'y mawala?*

2. Kukupas ang kagandahan,  
Madaling mapaparam.  
Tulad sa manga bulaklak,  
Ang buhay nating hiram.
3. Kung ika'y may kabiguan,  
Lubhang nabibigatan,  
Magpasakop ka kay Jesus;  
Kamtin mo'ng kaligtasan.
4. Ikaw ba ay tatalima –  
Makikipagkasundo?  
Ito ang mabuting pas'ya:  
Si Cristo ay sundin mo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 7, 8, 7

## 60: Puso Mo'y Buksan

1. Talikdan mo ang 'yong sala –  
H'wag magpaliban;  
Kalayawan ay iwan mo;  
Puso mo'y buksan.

*Koro*

*Habang ikaw ay may buhay,  
At ang Dios, nananabik pa,  
Sa Kanya ay magbalik ka;  
H'wag nang gumala.*

2. Sa malumanay N'yang samo,  
Puso'y h'wag sarhan;  
Tinig N'ya'y dinggin mong lubos;  
Puso mo'y buksan.
3. Sa paanyaya ni Cristo,  
Puso'y h'wag sarhan;  
Sa kaligtasan N'yang alay,  
Puso mo'y buksan.
4. Sa galak na 'di kukupas,  
Puso'y h'wag sarhan;  
Sa kapahingahang tunay,  
Puso mo'y buksan.

meter→ 8, 5, 8, 5, 8, 8, 8, 5

## 61: Tinatawag Kang Umuwi

1. Tinatawag kang umuwi sa tahanan;  
Malayo ka sa kawan Niya.  
Naaanod sa ilog ng kamatayan,  
Ikaw ay walang pagasa.

*Koro*

*Tanggapin ang paanyaya*

*Ng iyong Tagapagligtas.*

*Inihandog N'ya ang Kanyang buhay*

*Upang ikaw ay iligtas.*

2. Landas mo'y may panganib na natatago;  
Baka kalul'wa mo'y masilo.  
Dinggin mo ang tinig at magpasakop ka  
Sa nais ng Pangino'n mo.
3. Pasan ng buhay mo'y Kanyang aangatin  
Nang lumiwanag 'yong landasin.  
Nakaraang sala mo'y papawiin N'ya;  
Pagibig N'ya'y 'yong lasapin.
4. Kalul'wa mo'y Kanyang pagpapahingahin;  
Panahon mo'y samantalahin.  
Ang walang Cristo'y may wakas na madilim;  
O, ano'ng iyong gagawin?

Copyright→ ©

meter→ 12, 9, 12, 8, 8, 8, 10, 8

## 62: Sa Iyo at sa Akin

1. Malumanay ang pagtawag ni Jesus  
Sa iyo at sa akin;  
Narito't nagbabantay sa pintuan –  
Naghihintay S'ya sa 'tin.

*Koro*

*“Sa tahanan,*

*Ikaw ay umuwi na.”*

*Malumanay na tinatawag ka N'ya;*

*“Ikaw ay umuwi na.”*

2. Bakit S'ya ay ating paghihintayin?  
Sumasamo S'ya sa 'tin.  
Bakit wawalingbahala ang awa,  
Awa sa 'yo at sa 'kin?
3. Oras at sandali'y dumaraan na,  
Sa iyo at sa akin;  
Lumalapit ang pagsapit ng dilim,  
Sa iyo at sa akin.
4. O, anong kahangahangang pagibig  
Sa atin, pangako N'ya,  
Kahit tayo'y puspos ng kasalanan,  
Pinatatawad Niya.

meter→ 11, 7, 11, 7, 4, 7, 11, 7

tune→ Thompson

## 63: Bakit 'Di Isusuko ang Buhay Mo?

1. Paminsanminsang, ikaw  
Ay nagbubulaybulay,  
At iyong nalalaman  
Kukunin 'yong buhay.

*Koro*

*Bakit, di mo*

*Isusuko ang buhay mo?*

*Lumapit na,*

*Tanggapin mo S'ya;*

*Ika'y magiging kay Cristo.*

2. Malimit kang magbalak,  
Dios mo'y paglilingkuran;  
Nguni't sa kalayawan  
Ay nagagapusan.
3. Nais ka N'yang iligtas;  
Bigyan ng kalayaan  
At buong kalakasan  
Nang S'ya'y paglilingkuran.
4. O, h'wag ka nang magluwat;  
Ngayon S'ya'y paglilingkuran.  
Ikaw ay bibigyan N'ya  
Ng kapayapaan.

Copyright→ ©

meter→ 7, 7, 7, 6, 4, 8, 4, 5, 8

## 64: Bakit Aking Lalakaran?

1. Bakit aking lalakaran  
Ang daan ng kadiliman  
Na walang kapayapaan?  
Si Jesus lang ang Daan.

*Koro*

*Nabihag ang aking puso  
Ng katotohanan ng Dios.  
Sa langit o sa lupa man,  
Walang tulad kay Jesus.*

2. Dunong ng tao'y patungo  
Sa kamalian at gulo;  
May galak ang makatanto,  
Si Jesus ang kat'wiran.
3. Sa sarili'y 'di ko kaya  
Na magtagumpay sa sala;  
Ang aking tanging pagasa –  
Tanggapin ko si Cristo.
4. Kahit sala'y naglipana,  
Kay Jesus ako aasa;  
Walang dungis, dalisay S'ya –  
Kaybigan ng maysala.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 7, 8, 8, 8, 7

tune→ Hanwell



## 65: O, Hari Kong Jesus

1. O, Hari kong Jesus,  
Ako'y sa 'Yo;  
Magpahanggang wakas,  
Ako'y sa 'Yo.  
Aking tatalikdan,  
Manga kalayawan  
Nitong sanlibutan.  
Ako'y sa 'Yo.
2. Iba'y babayaan,  
Ako'y sa 'Yo.  
Itong aking buhay,  
Tanging sa 'Yo.  
Yaman, kapurihan,  
At karangalan man,  
Aking tatanggihan.  
Ako'y sa 'Yo.
3. Aking tutuparin  
Ang nais Mo;  
Hirap babathin ko  
Dahil sa 'Yo.  
Sala'y lalayuan,  
Ako'y pagharian;  
H'wag Mo akong iwan.  
Ako'y sa 'Yo.

meter→ 6, 4, 6, 4, 6, 6, 6, 4

tune→ Feast

## 66: Kaylapit Mo sa Kaharian

1. Kaylapit mo sa kaharian;  
Nasa labas pa ng pintuan.  
Tumindig ka ngayon;  
Buhay ipaampon  
Kay Jesus, Pangino'n –  
H'wag magluwat.
2. Ngayo'y malapit sa pintuan;  
O, h'wag ka nang magalinlangan.  
Dapat kang magpasya,  
At 'yong italaga  
Buhay mo sa Kanya  
Buhat ngayon.
3. Malapit nguni't nasa labas;  
Pumasok ka at maliligtas.  
Si Cristo'y tanggapin;  
Ika'y aakayin.  
Iyong maaangkin  
Pagibig N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 6, 6, 6, 4

## 67: Jesus, sa Iyo ang Aking Tiwala

1. O, Jesus, tanging sa Iyo,  
Aking tiwala,  
At sa pagliligtas Mo lang  
Aasa.
2. O, Jesus, tanging sa Iyo,  
Aking tiwala  
Na magkamit ng patawad  
Sa sala.
3. O, Jesus, tanging Ikaw lang,  
Aakay sa 'kin;  
Kaylangan ko'y ibigay Mo  
Sa akin.
4. Ikaw lang ang magbibigay  
Ng lakas sa 'kin;  
Sa tulong Mo ang tagumpay,  
Kakamtin.
5. O, Jesus, tanging Ikaw lang  
Ang tiwala ko;  
H'wag Mo akong pabayaang,  
Matalo.

meter→ 8, 5, 8, 3

tune→ Bullinger

## 68: May Kamay na Nakaunat

1. May kamay na nakaunat  
Sa pagibig at awa,  
Na sa ati'y papatnubay  
Sa tahanan ng Ama.

*Koro*

*Nakaunat sa iyo,  
Nakaunat sa akin,  
Ang kamay ng Pangino'n –  
Kamay na mahabagin.*

2. Kung hindi ko igagalang  
Ang anyaya N'ya sa 'kin  
Ay hindi mamamalagi  
Ang biyaya N'ya sa 'kin.
3. Hahawakan kong matibay,  
Kamay N'yang umaakay.  
Sa Kanya'y isasalalay,  
Ang aking buong buhay.

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 7

## 69: Puso Ko'y Naangkin ng Dios

1. Puso ko'y naangkin ng Dios  
Dahil sa nakilala ko  
Ang pagibig N'ya't layunin  
Nang suguin N'ya si Cristo.

*Koro*

*Nabuhay S'ya at namatay  
Upang ako ay tubusin.  
Ang buhay ko'y isusuko;  
Mula ngayon, Kanyang angkin.*

2. Ang lumalakad sa daan,  
Nakikiramay kay Cristo,  
May kapayapaa't galak,  
Higit sa dulot ng mundo.
3. Dito sa mundong masama,  
Jesus ang kaybigang handa.  
Papatnubay S'ya sa daan;  
Daraanan ay alam N'ya.

Copyright→ ©

composer→ J. M. Black

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

## 70: Tiyak Na ang Aking Pas'ya

1. Tiyak na ang aking pas'ya,  
Si Cristo ang susundan;  
Saan man ako akayin,  
S'ya'ng pagtitiwalaan.  
Ang Kanyang nagiiisang da'n  
Ay s'yang lalakaran ko;  
Kahit na may kahirapan,  
Jesus, sasama ako.

*Koro*

*Si Jesus ay umaakay;  
Sa Kanya ang puso ko.  
Kung S'ya ay wala sa akin,  
Kalunoshunos ako.*

2. Hindi ako matatakot –  
Masidhi man ang tukso,  
At ang manga manguuyam  
Ay nasa harapan ko;  
Palibot ko ma'y karimlan,  
Ikaw ang liwanag ko.  
Kung ako'y 'Yong aakbayan,  
Jesus, sasama ako.
3. Kahit mayanig ang lupa,  
At araw ay marimlan;  
Mabagsik man ang kaaway,  
Ika'y pananaligan.  
Kahit magpasan pa ng krus  
Sa da'ng lalakaran ko,  
Maging sa sakit o dusa,  
Jesus, sasama ako.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 71: Nagkakatipon na Kami

1. Nagkakatipon na kami,  
O, Dios, sa 'Yong ngalan.  
Sa salita at dalangin,  
Kami ay tulungan.

*Koro*

*Panginoon,  
Naghihintay kami  
Sa Iyong harapan ngayon;  
Nawa'y Iyong pagpalain kami.*

2. O, kaytamis na sandali  
Na walang ligalig  
Nang sa 'Yo'y lumapit kami,  
Buong puso't isip.
3. O, Dios, kailangan namin  
Ang paglilinis Mo;  
Sa masamang kaisipan  
Kami'y linisin Mo.
4. O, Dios, nawa ay maghain  
Kami ng papuri –  
Isang handog na maaya,  
Dalisay, at tangi.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6, 4, 6, 8, 10

## 72: Sa Pangalan ni Jesus

1. Kami ay nagkakatipon  
Sa pangalan ni Jesus;  
Nawa ang Espiritu N'ya,  
Palaksin kaming lubos.

*Koro*

*Dios, kami'y 'Yong aliwin,  
Turuang manalangin,  
Makinig sa Iyo lagi,  
Magtapat sa layunin.*

2. Kung Ika'y wala sa amin,  
Lahat ay walang saysay;  
Kung Ikaw ay nasa amin,  
May kalayaa't buhay.
3. Iisa sa puso't isip,  
Kami'y walay sa mundo;  
Aming diwa'y 'Yong buhayin  
Habang nasa harap Mo.
4. Kung pa'nong kinakaylangan,  
Sa puno'y manatili  
Ang sanga upang magbunga,  
Gayon din sa 'Yo, kami.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 8, 7



## 73: Bumukod Kayo at Magpahinga

1. Bumukod kayo at magpahinga;  
Alam Kong kayo'y napapagod na.  
Inyong kapaguran ay limutin,  
At magpanibagong lakas sa 'Kin.
2. Bumukod kayo sa sanlibutan;  
Sa tanging pakikipagugnayan,  
Kasama Ko at ng Aking Ama,  
Tunay na 'di kayo nagiisa.
3. Isaysay sa 'Kin, inyong ginawa,  
Ang manga pangamba at pagasa,  
Inyong tagumpay at pagkatalo –  
Lahat ay nauunawaan ko.
4. Paglabas sa pagtitipong banal,  
Yumaon na kayo at magpagal;  
'Di sayang panahong natuto pa  
Sa Panginoon at pahinga N'ya.

meter→ 10, 10, 10, 10

tune→ Eventide

## 74: Ang Matamis Mong Kalooban

1. Dios, matamis Mong kalo'ban,  
Sandigan at tahanan ko;  
Kumakanlong ako sa 'Yo,  
At doo'y tiwasay ako.
2. Ang mabuti'y s'yang layon Mo.  
Sa akin ay manguna Ka,  
At susunod ako sa 'Yo  
Na may lubos na tiwala.
3. Ang matamis Mong kalo'ban  
Ay bumihag sa 'king lubos;  
Nakukulong man, may galak  
Sa dako ng biyaya, Dios.
4. Ang pamatok Mong magaan,  
Nagpapasigla sa puso.  
Ang akin ngang kalayaan  
Ay ang pamamahala Mo.
5. Ang dakila Mong kalo'ban,  
Ngayon, ay magiging akin.  
"Oo," ang tugon ko sa 'Yo –  
Bawa't utos Mo'y susundin.

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Holley

## 75: Sa Aming Pulong

1. Sa aming pulong,  
Lumapit, Ama,  
Sa abang puso  
Ng bawa't isa.
2. Sa 'ming dalangin  
Ay hinihiling  
Ang 'Yong biyaya  
Na lakas sa 'min.
3. Sa patotoo  
Na galing sa 'Yo,  
Ihayag namin  
Ang layunin Mo.
4. Ang salita Mo  
Ay s'yang tinapay –  
Taglay ay buhay,  
Alay na tunay.
5. Sa 'ming paglisan  
Sa pagtitipon,  
Magtapat sa 'Yo  
Ang aming layon.
6. Ang aming buhay,  
Iyong ugutin  
Upang ang iba,  
Sa 'Yo'y akayin.

Copyright→ ©  
meter→ 5, 5, 5, 5

## 76: Panginoon, Suma Amin

1. Panginoon, suma amin  
Sa Espiritu;  
Pawiin Mo'ng aming takot  
Habang narito.

*Koro*

*Sa Iyong uliran, Jesus,  
Susunod kami.  
Tayo, laban sa kaaway  
Ay magwawagi.*

2. Sa aming pananalangin,  
Mamagitan Ka;  
Nawa, kami'y 'Yong palaksin  
Sa pagbabaka.
3. H'wag nawa kaming matakot  
Sa manga tao,  
Habang tinutupad namin  
Ang kalo'ban Mo.
4. Kahit kami'y humihina  
At namamatay,  
Kami'y Iyong babaguhin  
Sa pagkabuhay.

Copyright→ ©

meter→ 8, 5, 8, 5, 8, 5, 8, 5

## 77: Narito ang Dios

1. Narito at nananahan  
Sa Kanyang bayan ang Dios;  
Alangalang sa kanila  
Ay namatay si Jesus.

*Koro*

*Ingatan Mo kami sa da'n  
Na tinahak ni Jesus,  
At sa 'Yong katotohanan,  
Akayin kaming lubos.*

2. Narito, S'ya'y humahanap  
Ng maisusugo N'ya.  
Buhay natin ay isuko  
Upang tayo'y magbunga.
3. Narito ang Dios sa atin;  
'Di tayo bibiguin.  
Habang mahal natin ang Da'n,  
Tayo'y palalaksin.
4. Narito S'ya 'pag madilim  
At tayo'y nalilito;  
Kamay N'ya ang s'yang aakay,  
Kahit may pagkabigo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Arch Street

## 78: Tulungan Mo Kami, O, Dios

1. Tulungan Mo kami, O, Dios,  
At udyukang manalangin.  
Ang kaaway ay malakas;  
Kami'y Iyong patatagin.

*Koro*

*Mahihina kami, O, Dios,  
Nguni't minamahal ang Da'n;*

2. Pangunawa kami'y bigyan  
Upang idalangin namin  
Ang manga nadirimlan pa,  
Nang kanila Kang hanapin.
3. Puso nami'y 'Yong puspusin  
Ng dunong na galing sa 'Yo  
Nang sa pamumuhay namin,  
Maitanyag ang buhay Mo.
4. Sino sa langit o lupa,  
Ang sa 'Yo'y maipapantay –  
Maawain, tapat, banal,  
Isang kaibigang tunay?

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8

tune→ He Leadeth Me

## 79: Dios, ang 'Yong Kinaroro'nan

1. Dios, ang 'Yong kinaroro'nan  
Ay aming iniibig.  
Nariyan ang pagibig at pagasa;  
D'ya'y may tubig at pagkain  
Na s'yang tanging pamatid  
Sa uhaw at gutom ng kaluluwa.
2. Ilang ulit nangatisod  
Sa alinlanga't takot,  
At sa kapighatia'y nanlupaypay.  
Kahi't na maraming luha  
Nang makita ang subok,  
Kami'y nanalangin nang magtagumpay.
3. Lumambot nawa ang puso,  
At Ikaw ay pakinggan  
Nang 'Yong akayin, aming diwa't budhi.  
Anupa't ang buhay namin  
Na Iyong tinatakan,  
Ang sa Iyo ay laging magpupuri.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 11, 8, 7, 11

## 80: Sa Dako na Matiwasay

1. Sa dako na matiwasay,  
Puso'y mapayapa;  
May pahinga sa pagtupad  
Ng kalooban N'ya.

*Koro*

*O, ang pahinga ng Dios,*

*Kaytamis sa akin.*

*Pagibig N'ya'y 'di malirip;*

*Tinig N'ya'y aliw sa 'kin.*

2. Buhay ko ay natatago  
Kasama ni Jesus.  
Susundan ang Kanyang daan;  
Ako'y Kanyang lubos.
3. Sa gitna ng manga hirap  
At hapis ng buhay,  
Tuloy akong kasama N'ya;  
Ako ay tiwasay.
4. Wala akong katakutan,  
Puso'y aaliwin.  
Tiyak akong malapit S'ya;  
S'ya ay pupurihin.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6, 7, 6, 8, 7



## 81: Dios, Magsalita sa Akin

1. Dios, magsalita sa akin;  
Ako ang alipin Mo.  
Ang tinig Mong aliw sa 'kin  
Ay inaasahan ko.  
Nakikinig na ako,  
Ano'ng pagbibilin Mo?
2. Dios, magsalita sa akin;  
Ikaw ang aking Guro –  
Ang Gurong maunawain  
Sa aking diwa't puso.  
Pagpalain Mo ako;  
Kalo'ban Mo'y ituro.
3. Ako'y Iyong ihanda, Dios,  
Nang ako'y tumalima  
Na may kagalakang lubos  
Sa banal Mong salita.  
Nakikinig sa Iyo,  
Ako ay alipin Mo.

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7

tune→ Ottawa

## 82: Anak na Ako ng Dios

1. Anak na ako ng Dios,  
Si Cristo ang tumubos;  
Sa sala'y nilinisan  
At ako'y tinatakan.  
Isusuko kong lubos  
Ang buong buhay sa Dios.
2. Dios, ako ay tulungan,  
Arawaraw tanggihan  
Ang sarili kong daan,  
At ako'y pagharian;  
O, Dios, na maibigin  
Manahan Ka sa akin.
3. Buksan ang pakinig ko  
Upang makinig sa 'Yo;  
Ang pagkamasuwayin  
Sa akin ay pawiin;  
Banal Mong kalooban  
Ay aking gagampanan.
4. Ako ay nabihisan  
Ng Iyong kaamuan.  
Nang Ika'y dumakila,  
Ako'y magpakababa.  
Iyong hubugin ako  
Sa wangis ng Anak Mo.

Copyright→ ©

meter→ 7, 7, 7, 7, 7, 7

tune→ Ajalon

## 83: Gamitin Mo Ako, O, Dios

1. Magsalita sa akin, Dios,  
At ulitin ko naman  
Nang sa buhay Mong salita,  
Mapatibay ang 'Yong bayan.
2. Akayin Mo ako, O, Dios,  
Upang ako'y pumatnubay  
Sa manga nasa karimlan  
Na sa Iyo'y nawawalay.
3. Turuan Mo ako, O, Dios,  
Upang ako ay magturo –  
Ihayag sa bawa't puso  
Ang banal na salita Mo.
4. Ako'y Iyong bigyan, O, Dios,  
Ng Iyong kapayapaan,  
Upang ako'y makaaliw  
Sa manga may kahapisan.
5. Gamitin Mo ako, O, Dios,  
Kahit saan o pa'no man  
Hanggang sa makabahagi  
Sa Iyong kal'walhatian.

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Mainzer

## 84: Tinapay ng Buhay

1. Tinapay ng buhay, Dios, ibigay  
Na pagkain ng kaluluwa ko.  
Hanap ko'y salita Mong patnubay;  
Sa salitang buhay, gutom ako.
2. Tinapay ng buhay, Dios, ibigay  
Upang puso ko'y Iyong busugin.  
Isip ko'y baguhin, dalisayin;  
Bawa't hakbang ko'y Iyong ugitin.
3. Katotohanan Mo, ipahayag  
Nang utos Mo'y maunawaan ko.  
Sa 'king paglakad na kasama Mo,  
Ako ay magiging kawangis Mo.
4. Katotohanan Mo, pagpalain  
Nang mapatid ang tanikala ko  
At matubos sa pagkaalipin;  
Kapayapa'n sa 'Yo'y makamit ko.

meter→ 10, 10, 10, 10

tune→ Bread of Life

## 85: Panginoon, sa 'Yong Awa

1. Panginoon, sa 'Yong awa,  
Sa aki'y magsalita Ka;  
Kalul'wa ko'y nauuhaw  
Na tulad sa tuyong lupa.

*Koro*

*Panginoon, nasa Iyo,  
Pahinga at pagasa ko;  
Sapagka't inaalih Mo  
'Pag may hapis ang puso ko.*

2. Magbabala Ka man sa 'kin,  
Ako'y pinagpapala rin;  
'Pagka't Ikaw na nagtut'wid  
Ay umiibig din sa 'kin.
3. Pangino'n, linisin ako;  
Layunin ko'y pagtibayin;  
Pagalingin, kalul'wa ko –  
Ako'y muli Mong palaksin.
4. Pangino'n, sakupin ako  
Sa dakilang kalo'ban Mo;  
Tumatalimang may galak,  
Ako ay inaakay Mo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

## 86: Ako ay May Alay sa 'Yo

1. Ako ay may alay sa 'Yo,  
Jesus na Saserdote ko.  
Dukha man at aba ito,  
Ito lamang ang kaya ko –  
Nawa'y makalugod sa 'Yo.

*Koro*

*Tanggapin Mo,  
Buhay na alay ko sa 'Yo –  
Sa 'Yo lamang,  
Magpakaylankaylan pa man.*

2. Ang pinakamabuti Mo,  
Dahil sa 'ki'y 'binigay Mo;  
Tiniis Mo ang Calvaryo  
At ang pagkutya ng tao  
Nang Ama'y makilala ko.
3. Mula ngayon, ang buhay ko,  
Gagamitin, ukol sa 'Yo.  
Lahat, iniaalay ko –  
Narito sa paanan Mo –  
Nawa ay samyong mabango.
4. Ang buhay ko'y 'Yong gamitin,  
Nawawala ay hanapin;  
Nang galak, madagdagan pa  
Kapag ang 'Yong manga tupa,  
Masumpungang isaisa.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 4, 8, 4, 8

## 87: Dios, Magsalita sa 'Ming Puso

1. Magsalita sa amin, Dios;  
Sa 'Yo'y lumalapit.  
Kami'y sabik na makinig  
Sa tinig ng langit.

*Koro*

*Magsalita, O, Dios,  
Arawaraw sa 'ming puso.  
O, Dios, magsalita –  
Makikinig sa 'Yo.*

2. Pagpakumbabain, O, Dios,  
Diwa't puso namin.  
Nang dahil sa Iyong lakas,  
Tagumpay ay amin.
3. Hindi kami masisindak  
Kung aakayin Mo,  
At sa daan ng liwanag  
Ay susunod sa 'Yo.
4. O, Dios, kami'y 'Yong gamitin  
Sa kaharian Mo.  
Buhay, aming gugugulin  
Ayon sa nais Mo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6, 6, 8, 6, 6

## 88: Nasisiyahan na Ako

1. Nasisiyahan na ako  
Kay Jesus na Manunubos.  
Ang aking pusong balisa  
Ay napayapa nang lubos.  
Ang awit ng manga awit  
Ay nasa aking kalul'wa.  
Buhat sa pagkabihag ko,  
Ako'y pinalaya na N'ya.

*Koro*

*Anong tamis ng pagibig  
At ng pakikisama N'ya.  
Buhay ko'y Kanyang tahanan –  
S'ya'y sa akin, sa akin na.*

2. Ang puso ko ay naakit  
Ng dakila N'yang pagibig.  
S'ya ang tunay kong kanlungan;  
Ako'y ligtas sa ligalig.  
Nagagalak kong marinig  
Marahang tinig N'ya sa 'kin,  
Nagbibigay katiyakan  
Na S'ya ay tunay kong angkin.
3. Susundin ko na si Jesus –  
S'ya ang sakdal, walang sala.  
S'ya'y gagawin kong uliran  
Nang ako'y makawangis N'ya.  
Kung ang lakbaya'y tapos na  
At sumapit sa hantungan;  
Anong galak na sa langit,  
Makita ko S'yang mukhaan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8



## 89: Tapat ang Dios

1. Tapat makitungo ang Dios  
Sa manga hinirang N'ya;  
Sila'y Kanyang sasamahan  
Sa paglalakbay nila.

*Koro*

*Panibago t'wing umaga  
Ang Kanyang manga awa,  
Kung tayo ay maghihintay  
Sa harap ng trono N'ya.*

2. Tapat ang Dios, magliligtas  
Sa silo ng kaaway;  
Tulong ay ibibigay N'ya  
Nang sila'y magtagumpay.
3. Tapat ang Dios, tutuparin  
Ang manga pangako N'ya;  
Sila'y Kanyang iingatan  
Sa bawa't hakbang nila.
4. Tapat ang Dios tatawagin  
Ang hinirang N'yang bayan  
Sa Kanyang pakikisama,  
Hanggang sa kalangitan.

Copyright→ ©

composer→ Geo. C. Stebbins

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Fully Trusting

## 90: Kay Mahal ng Salita N'ya

1. Kay mahal ng salita N'ya  
Sa tapat na puso,  
At ang manga pangako N'ya  
Ay 'di nagbabago.

*Koro*

*Kailangan ko,  
Magpakababa  
Upang si Cristo  
Ay dumakila.*

2. Bibigyan ng kasiyahan  
S'yang mapagkaylangan,  
At ang walay sa sarili  
Ay bibiyayaan.
3. Sa panalanging maningas,  
Pumapailanglang  
Ang isang samyong mabango –  
Haing kalulugdan.
4. O, kay yamang paglalaan,  
Sasa nagbibigay  
Sa Dios ng buhay n'yang taglay,  
Upang 'di mamatay.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6, 5, 5, 5, 5

## 91: Sa Pagpapala ni Jesus

1. Sa pagpapala ni Jesus,  
Bawa't saglit kay yaman.  
S'ya'y bukal na umaagos,  
Dulot ay kaligtasan.

*Koro*

*S'ya ay palaging kasama,  
Maningning ang araw N'ya;  
Nagbabadya ng pagasa  
Sa libis man ng luha.*

2. Sa pagpapala ni Jesus,  
Bawa't saglit kay tamis;  
At sa paghimlay sa Kanya,  
Hirap ko'y naalis.
3. Bakit pa manghihimagod,  
Diwa'y manlulupaypay;  
Hindi ba S'ya ay nangako,  
Lakas N'ya'y ibibigay?
4. Kahit ulap ay madalas  
At daan ko'y marimlan,  
Sa Kanyang pakikisama,  
Ako'y may kaaliwan.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 92: Puso Nami'y Puspos ng Papuri

1. Jesus, puso nami'y puspos  
Ng papuri sa Iyo  
Dahil sa Iyong pagibig  
At sa Evaghelyo Mo,  
Sa buhay Mo't kamatayan  
At muling pagkabuhay –  
O, tunay ngang nasa Iyo,  
Aming pagasang buhay.
2. Ang pakikisamang tunay  
Na sa 'mi'y nagbibigkis  
Ay totoong tumitibay  
At lalong tumatamis.  
Pagisahin kami sa 'Yo  
Nang pagibig na ito  
Na nasa ami'y maghayag,  
Pagibig namin sa 'Yo.
3. Sa mundo ng kadiliman  
At pagaalinlangan,  
Buhay nami'y magliwanag  
Sa manga nadirimlan.  
Turuan kaming tulungan,  
Manga nabibigatan;  
Magkakasamang maglakbay  
Tungo sa 'Yong tahanan.
4. Sa 'ming buong paglalakbay,  
Kami'y Iyong ingatan  
Na tapat hanggang sumapit  
Araw na walang hanggan.  
Mula sa malayong dako,  
Bayan Mo'y titipunin.  
Pumarito Ka na, Jesus,  
Hirang Mo ay angkinin.

Copyright→ ©

composer→ Annie F.Q. Harrison, Arr. A.W.B.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 93: Lumapit na Tayo

1. Lumapit na tayo;  
Ang Dios ay narito,  
At sa Kanyang Espiritu  
Ay mapuspos tayo.

*Koro*

*Lumapit na sa Dios –  
Ang daan, si Cristo.  
Handa na ang dakong banal;  
Manalangin tayo.*

2. Lumapit na tayo  
Upang patawarin.  
Dahil sa dugo ni Cristo,  
Tayo'y tatanggapin.
3. Lumapit na tayo  
Sa Ama't Kaybigan.  
S'ya ay ating pupurihin,  
Pasasalamatan.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

## 94: Tapat na Buhay ni Jesus

1. Tapat na buhay ni Jesus,  
Laging pagnilayin mo;  
Lulunas ito sa lungkot,  
Palalaksin 'yong puso.

*Koro*

*Hindi ka pababayaang  
Ng tanging Hirang ng Dios;  
Makipagtiis sa Kanya,  
Putong kamtin mong lubos.*

2. Ang sala sa bawa't anyo,  
Humahadlang na tunay;  
Magtapat sa iyong puso,  
Sundan ang Tagaakay.
3. Ang walang dungis N'yang buhay  
Ay inihandog sa Dios;  
Buong galak, inialay,  
Nakalugod na lubos.
4. Kadiliman, 'yong talikdan,  
Liwanag ay lakaran;  
Ang sala, 'yong kapootan,  
Kat'wiran ay ingatan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Precious Saviour

## 95: Ako'y 'Yong Pakinggan

1. Ako'y 'Yong pakinggan;  
Pahinga'y nais ko.  
Sa 'Yo, Jesus, lumalapit;  
Dinggin Mo'ng samo ko.
2. Ako'y 'Yong pakinggan;  
May hapis, puso ko.  
Hanap ko'y kapahingahan  
Sa paglapit sa 'Yo.
3. Malaon sa ilang  
Na gumala ako;  
Tatalikdan ko ang sala  
At babalik sa 'Yo.
4. Kaydaling lumipas,  
Manga kalayawan;  
Ang hanap kong kasiyahan  
Ay 'di nasumpungan.
5. Laganap ang dilim,  
H'wag akong bayaan;  
Taglay ko ay pusong bagbag,  
O, h'wag Mong tanggihan.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6 (S.M.)

tune→ Dennis

## 96: Masdan Natin si Jesus

1. Masdan natin si Jesus  
Na lubhang tinukso;  
Dahil sa 'tin ipinako,  
Ang mahal na Cristo.

*Koro*

*Magtapat katulad N'ya;*

*Daan, h'wag talikdan.*

*Taglayin nati'y layong tapat;*

*Sa Kanya'y manahan.*

2. Sa nagisang daan,  
Dios ang nangunguna  
Upang ihayag sa atin  
Ang pagibig Niya.
3. Panganib ay laganap  
Sa ating landasin;  
Kaya't kay Jesus tumulad  
Sa pananalangin.
4. Ang pangakong lupain  
Ay nalalapit na;  
Tayo ba'y magsisipasok  
O sasa labas pa?

Copyright→ ©

composer→ A.M.Kelly

meter→ 7, 6, 8, 6, 7, 6, 9, 6



## 97: Pangino'n, Ako'y Ingatan

1. Panginoon, ako ay akayin  
Hanggang matapos aking lakbayin.  
Dito'y manlalakbay lamang ako;  
Kaylangan ko ang pagaakay Mo.

*Koro*

*Pangino'n, ako'y ingatan  
'Pagka't nais kong manahan sa 'Yo.  
Kapag malapit Ka, ako'y nagagalak;  
'Di ako matatakot 'pag akay Mo.*

2. Lumalaganap ang kadiliman  
Sa daang aking nilalakaran;  
Ito ang sa aki'y binalak Mo,  
Nang madama ko, pagaakay Mo.
3. Panginoon, akayin Mo ako  
Nang 'di magkulang pananalig ko.  
Tulungan Mo akong magtagumpay;  
Igawad sa 'kin, 'Yong pagaakay.

Copyright→ ©

composer→ C. Austin Miles

meter→ 10, 10, 10, 10, 8, 10, 12, 11

## 98: Turuan Kaming Manalangin

1. Pangino'n, kaylangan namin  
Ang Iyong awa;  
Kami ay nasa sa lagim –  
Tulungan nawa.

*Koro*

*Turuan kami  
Na manalangin,  
Sapagka't malakas sila  
Na laban sa 'min.*

2. Kami ay Iyong ihanda  
Sa pagbabaka;  
At maging lakas Ka sa 'min  
Nang 'di manghina.
3. Pangino'n, Iyong ingatan  
Ang Iyong bayan;  
Nasa harapan ang silo  
At ang kalaban.
4. Ang bumubuhay Mong Diwa,  
Ibuhos sa 'min.  
Dalangin ng pusong bagbag  
Ay Iyong dinggin.

Copyright→ ©

meter→ 8, 5, 8, 5, 5, 5, 8, 5

tune→ Tell Him All

## 99: Tigib Ako ng Papuri

1. Tigib ang puso ko ng papuri  
Sa Dios na S'yang nagbibigay lagi  
Ng biyayang aking kailangan,  
Upang magtagumpay sa labanan.  
Kapahingahan ko ang malaman,  
May tugon sa lahat kong kaylangan.
2. Sa gitna ng maalab na tukso,  
Kanyang itinuturo ang pinto  
Upang pasukan sa pagdalangin,  
At biyaya ay aking tanggapin.  
Doo'y pinapawi ang takot ko,  
Lakas ay pinapagiibayo.
3. Ibig kong mabuhay na matapat;  
Ihayag na biyaya Mo'y sapat  
Nang pagasa Yo'y masumpunngan,  
Nilang manga nangabibiga tan.  
Buhat sa luha at kahapisan,  
Tiwala sa Iyo'y matutuhan.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 10, 10, 10

# 100: Ako'y Turuang Manalangin

1. Ako'y turuang manalangin;  
Ito ang aking hinihiling –  
Jesus, nais kong matutuhan  
Ang 'Yong daan at kalooban.
2. May bisa ang pananalangin  
Sa gitna man ng sala't lagim;  
Kapangyarihan sa dalangin,  
O, ibigay Mo nawa sa 'kin.
3. Ako'y turuang manalangin;  
Ikaw ang huwaran sa akin.  
Sa 'Yo ako'y may katiyakan;  
Sa pagdalangin 'Yong turuan.
4. Sa 'Yo, ako ay nabubuhay,  
At sumasa akin Kang tunay.  
Ito ang maningas kong samo,  
Kapangyariha'y igawad Mo.

author→ Albert Simpson Reitz

composer→ Albert Simpson Reitz

meter→ 9, 9, 9, 9

# 101: Palaging Nananalangin

1. Nananalangin sa diwa  
Nang tayo'y 'di manghina.  
Cristo'y makapangyarihan,  
Naghahari sa tanan.

*Koro*

*Palaging nananalangin*

*Hinirang N'ya'y diringgin.*

*Mahal nga sa paningin N'ya*

*Ang bawa't kaluluwa.*

2. Nananalanging madalas  
Nang tayo ay lumakas,  
Upang matapos ang lakbay  
Na S'ya ang umaakay.
3. Nananalanging maningas  
'Pag malungkot ang oras,  
Kung nagdidilim ang langit,  
At gabi'y matahimik.
4. Nananalanging palagi  
Nang tayo'y manatili  
Sa takbuhing sinimulan,  
Hanggang sa katapusan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Riverside

## 102: Kay Sariwa ng Pastulan

1. Kay sariwa ng pastulan  
Na ukol sa Kanyang kawan,  
May ilog ng kasiyahan  
At ligtas sa kaguluhan;  
Ang Pastor at manga tupa,  
Doo'y may kapahingahan.

*Koro*

*Ang Pastor at manga tupa,  
Samasamang nagsasaya  
Sa mapayapang pastulan;  
Ang Dios ay kasama nila.*

2. Pumailanglang ang samyo  
No'ng nanalangin si Jesus.  
Ibig nating tularan S'ya  
Sa ating paglapit sa Dios,  
Nang ang ating panalangin  
Ay makalugod na lubos.
3. Buhat sa magulong mundo,  
Lumapit tayo kay Jesus.  
Ang ating pangangaylangan  
Ay ibibigay N'yang lubos;  
Sa Kanyang pagsasalita  
Galak nati'y nalulubos.
4. Kahirapan ay tiisin,  
Ito'y hindi kalugihan.  
Tayo ma'y magpasan ng krus,  
Kung akay N'ya'y nasis'yahan.  
Ihayag natin sa lahat,  
Pagibig N'ya at pangalan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8

## 103: Ikaw ang Nais ng Puso

1. Ikaw ang nais ng puso;  
Araw ko may bilang na.  
Ikaw ang hanap ng diwa;  
Dinggin Mo ako, Ama.  
Dios, kung wala Ka sa akin,  
Lahat ay anong lumbay.  
O, Ikaw ay magsalita –  
Ako ay naghihintay.
2. Ikaw ang nais ng puso  
At aking kagalakan.  
Itulot Mong makita ko,  
Ang 'Yong kadakilaan.  
Linisin ang aking puso,  
At ilayo sa sala.  
Ako'y gawin Mong dalisay.  
Sa akin ay sapat Ka.
3. Ikaw ang nais ng puso,  
Ang aking kasiyahan.  
Ang Iyong dakilang gawa,  
Sa 'kin, 'Yong sinimulan.  
Itulot Mong taglayin ko  
Ang Iyong kagandahan.  
Patnubayan ang buhay ko;  
Bilang Iyo'y tatakan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 104: Espiritu, Suma amin

1. Espiritu, suma amin  
Na tinatakan,  
Hanggang sa dakilang araw  
Ng katubusan.

*Koro*

*O, Dios, linisin Mo kami  
Nang ang Mangaaliw namin,  
Ang Banal na Espiritu,  
Ay suma amin.*

2. Espiritu, suma amin,  
Tulungan kami,  
At sa Amang maibigin,  
Ilapit kami.
3. Espiritu, suma amin;  
Kami'y tanglawan  
Upang ang mamasdan namin,  
Si Cristo lamang.
4. O, Banal na Espiritu,  
Kami'y puspusin;  
Bunga ang nagpapatunay,  
Ika'y nasa 'min.

Copyright→ ©

meter→ 8, 5, 8, 5, 8, 8, 8, 5



# 105: Ang Espiritung Banal

1. Ang Espiritung Banal,  
Bulong, malumanay;  
Sa umaga, kay Jesus,  
Isip ko'y inaakay.  
Bumango't manalangin,  
Tugunin mo'ng samo  
Nang walang makahadlang;  
'Di mahulog sa tukso.
2. Ang Espiritung Banal,  
Marahan ang saway;  
Ako'y muling inakay  
Kay Jesus, S'yang namatay.  
May tunay na pagsuko  
Nawa, sa 'king puso;  
Sa 'ming pagkakasundo,  
Pagibig N'ya'y matanto.
3. Ang Espiritung Banal,  
Sa gabi'y may payo,  
"Ang 'yong kabalisahan,  
Kay Jesus, ilagak mo."  
Kalul'wa, magtiwala  
Sa pagibig Niya;  
Sa Haring nasa langit,  
Lahat ipaubaya.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 7, 7, 6, 7, 7

## 106: Ama ang Nakaaalam

1. Ama ang nakaaalam,  
Tamis isipin –  
Ang aking ikabubuti,  
Kanyang gawain.  
Kalo'ban N'yang pagsamahin,  
Lungkot at tuwa,  
At sa lahat ay kita ko  
Ang pagibig N'ya.
2. Ama ang nakaaalam,  
Tamis isipin  
Na ang Kanyang manga anak,  
Kakandiliin.  
Maging sa pagluha't unos  
At pagkabigo,  
Siya pa rin ang tiwala  
At kanlungan ko.
3. O, sa Kanya ay sumunod  
At magtiwala  
Nang kamtin ang kasiyahan  
Buhat sa Ama.  
Nalalaman kong sa akin,  
S'ya ang aakay  
Sa ikatitwasay ko,  
Pahingang tunay.

meter→ 8, 5, 8, 5, 8, 5, 8, 5

# 107: Iniibig at Hinirang

1. Iniibig at hinirang  
Ng Dios, tamis isipin;  
Sa akin ay naguudyok  
Na kalo'ban N'ya'y gawin.

*Koro*

*Magtapat at mahirang N'ya  
At Kanyang makalugdan –  
Nawa'y naisin ko ito,  
Ngayo't magpakaylan man.*

2. Kay tamis na gunitain  
Nang makilala ko S'ya  
At ang Kanyang kapayapa'n –  
Aliw sa 'king kalul'wa.
3. Ang tahanang may pala N'ya  
Ay may liwanag ng Dios;  
Arawaraw ay may galak,  
'Pagka't naro'n si Jesus.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Reapers

## 108: Tayo ay Tulad sa Bulaklak

1. Tayo ay tulad sa bulaklak,  
Nalalanta at nalalagas;  
Ang anino ng kamatayan  
Ay dumaraan sa ating landas.

*Koro*

*O, tayo ay naglalakbay  
At lumalapit sa hantungan.  
Kay lungkot na kayraming buhay,  
Sa walang kabuluha'y nasayang!*

2. Buhay ay gaya ng anino  
Sasa libis ng kamatayan;  
Aliw at pagasa sa mundo –  
Lahat nito'y walang kabuluhan.
3. Sa panahon ng kabataan,  
Alalahanin ang Maylalang.  
Buhay natin ay may hangganan;  
'Di maibabalik ang nagdaan.
4. Sa panahon ng kalungkutan,  
Si Jesus, dapat nating masdan.  
Nagtiis S'yang may kaamuan,  
Pagibig ba N'ya'y masasayang lang?

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 9, 10, 8, 9, 9, 10

## 109: Kaylan Ma'y 'Di Malilimot

1. Kaylan ma'y 'di malilimot  
No'ng dumating na si Jesus,  
At buhay ko'y pinuno N'ya  
Ng tunay na yaman ng Dios.

*Koro*

*Kaylan ma'y 'di malilimot  
No'ng tinig N'ya'y narinig ko,  
"Kung ikaw nga'y alagad Ko,  
Krus pasanin, sundan Ako."*

2. Kaylan ma'y 'di malilimot  
Ang pagibig N'ya sa akin.  
Langit ay Kanyang iniwan,  
At ako'y Kanyang pinansin.
3. Ngayon ay maliwanag na  
Ang kalooban N'ya sa 'kin.  
Ang Kanyang katotohanan,  
Awit na matamis sa 'kin.
4. Kaylan ma'y 'di malilimot  
No'ng daan N'ya'y lakaran ko;  
Bawa't hakbang ng pagsunod,  
Nagpabago sa buhay ko.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Hannah

# 110: Pag-ibig ng Manliligtas

1. Pagibig ng Manliligtas,  
Sapat at hindi kukupas  
Hanggang ako'y maligtas na  
At manahang kasama N'ya.

*Koro*

*Pagibig ang s'yang umakay  
Sa Kanya hanggang Calvaryo.  
Dahil sa 'kin, S'ya'y namatay;  
Pagibig N'ya'y nakita ko.*

2. 'Di man dapat ang buhay ko,  
Sa langit, may laang dako  
Sa Kanyang manga tinubos;  
'Di lilipas galak sa Dios.
3. Nararamtan ng kat'wiran,  
S'ya'y makikitang mukhaan.  
Pangalan N'ya'y taglay nila,  
At tatayong walang sala.
4. Sila'y aaliwin Niya  
At ito ang awit nila:  
"Ito'y pagibig na tunay;  
Dahil sa 'kin, S'ya'y namatay."

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

# 111: Ibigin Kang Lalo

1. Panginoon, dinggin Mo  
Ang dalangin ko;  
Ang pagibig ko sa 'Yo  
Ay dagdagan Mo.  
Ikaw na aking buhay,  
Manahan Ka sa akin;  
O, higit pang pagibig,  
Sa 'kin, likhain.

*Koro*

*Ibigin Kang lalo –  
Ang pagibig ko sa 'Yo  
Ay dagdagan Mo.*

2. Nilisan Mo ang langit  
Dahil sa akin  
Upang buhat sa sala,  
Ako'y tubusin.  
Pagibig Mo at dusa,  
Humipo sa puso ko.  
Ang pagibig ko sa 'Yo,  
O, dagdagan Mo.
3. Hanggang sa kamatayan  
Ay inibig Mo;  
Buhay kong tinataglay,  
Handog ko sa 'Yo.  
Kahit na tiisin ko,  
Hirap Mo't kalungkutan;  
Karangalang taglayin,  
Ang 'Yong pangalan.
4. Ako ay tinubos Mo  
Ng Iyong dugo;  
Pagibig, 'di malirip,  
Nasa handog Mo.  
Kinasasabikan Ka  
Ng puso't kalul'wa ko;  
Puspos ng 'Yong pagibig,  
Ibig sa 'Yo.

Copyright→ ©

meter→ 7, 5, 7, 5, 7, 7, 5, 6, 7, 5

## 112: Pag-ibig Ko, Dagdagan Mo

1. Pagibig ko, Cristo, dagdagan Mo;  
Dinggin Mo ang samo ng puso ko.  
Maalab kong daing,  
“Lalo Kang ibigin;  
Pagibig ko, dagdagan Mo.”
2. Dusa’t sakit, aking sangayunan,  
’Pagka’t ito’y Iyong kalooban.  
Matamis na awit,  
Aking sinasambit,  
“Pagibig ko, dagdagan Mo.”
3. Pupurihin kita, aking Cristo,  
Sa huling sandali ng buhay ko.  
Ang samo ng puso  
At ang dalangin ko,  
“Pagibig ko, dagdagan Mo.”

meter→ 10, 10, 6, 6, 8



# 113: Ituro sa 'Kin ang 'Yong Daan

1. Dios, ituro sa 'kin  
Ang 'Yong daan.  
Ako ay akayin  
At tulungan;  
Magt'wid ng lakad ko,  
Manalig sa Iyo.  
Sa 'ki'y ituro Mo  
Ang 'Yong daan.
2. 'Pag may kalumbayan  
Ang puso ko,  
Sa Iyong paraan,  
Turuan Mo.  
Sa 'king kahapisan  
At sa tagumpay man,  
Sa 'kin, ang 'Yong daan,  
Ituro Mo.
3. Kung may alinlangan  
At may bagyo,  
Sa 'kin, ang 'Yong daan,  
Ituro Mo.  
Sa kapighatian  
At sa kasakitan,  
Ang mat'wid Mong daan,  
Ituro Mo.
4. Habang ako'y buhay,  
Turuan Mo.  
Kasiyahang tunay,  
Nasa Iyo.  
Hanggang sa marating,  
Dulo ng lakbayin,  
Dios, ituro sa 'kin  
Ang daan Mo.

meter→ 6, 4, 6, 4, 6, 6, 6, 4

tune→ Camacha

## 114: Turuan Mo Akong Umibig

1. Turuan Mo ako  
Na kap'wa'y ibigin  
Tulad ng pagkaibig Mo  
Nang una sa akin.
2. Tulungan Mo ako  
Na pasakop sa 'Yo.  
Ang katigasan, O, Ama,  
Sa akin ilayo.
3. Ako'y turuan Mo  
Na h'wag maging mangmang,  
At sala'y aking layuan  
Nang 'di katisuran.
4. O, ako'y tulungan  
Na magpatawad, Dios;  
Buhat sa kapalaluan,  
Linisin Mong lubos.
5. Tulungan Mo ako  
Na magtapat sa 'Yo  
Nang gawa at salita ko,  
Laging kalugdan Mo.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6 (S.M.)

tune→ Trentham

# 115: Ang Lalong Nais Ko

1. Nais kong makilala Kang higit;  
Sa pagdalangin, lalong lumapit.  
Makinig nang lubos sa 'Yong tinig,  
O, Dios, piliin ko ang 'Yong ibig.
2. Nais kong higit Kang paglingkuran;  
Panaligan 'Yong kapangyarihan.  
Kalo'ban Mo'y lalo kong malaman;  
Pangako Mo'y higit kong panangnan.
3. Nais kong lalong makapiling Mo;  
Sumamba't manatili sa Iyo.  
May kapayapaang mamahinga  
Sa 'Yong pagliligtas at kalinga.
4. Nais kong matuklasan pang lalo  
Ang kagandahan sa salita Mo;  
Nguni't higit sa lahat, nais ko –  
Ikaw ay mukhaang makita ko.

meter→ 10, 10, 10, 10

tune→ Old 124th (abridged)

# 116: Pag-ibig ang Watawat

1. Pagibig ang watawat  
Ng kaharian N'ya.  
Itaas nating lagi  
Sa pagbabaka.  
Kahit na may panganib,  
Itaas bandila –  
Pagasa ng lupain,  
Puri sa Kanya.
2. Pagibig ang watawat  
Ng kaharian N'ya.  
Dito'y nakikilala,  
Tayo'y bayan N'ya –  
Nagiibigang tunay  
Na katulad Niya,  
Binuklod ng pagibig,  
Nagkakaisa.
3. Layunin ng kaaway,  
Watawat, sirain;  
Sa pagibig kay Cristo,  
Tagumpay, atin,  
At ang Kanyang biyaya  
Ay magpapalakas.  
Iibigin N'ya tayo  
Hanggang sa wakas.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 5, 7, 6, 7, 5

tune→ Diligence

# 117: Kumapit Ka sa Anak ng Dios

1. Kapag ang puso mo'y nagalalak,  
At kalul'wa'y may pagasa,  
'Pag nagtagumpay ka't malapit S'ya,  
At hanggana'y kitangkita,

*Koro*

*Kumapit ka sa Anak ng Dios  
Saan man akayin,  
At sa banal na pamumuhay,  
Lakbayi'y tapusin.*

2. 'Pag ang puso mo'y nabibigatan,  
At nanlulupaypay ka na,  
'Pag naghahasik kang may pagluha,  
Pagkatalo'y nakikita,
3. Pakikibaka mo'y matatapos,  
At magpapasalamat ka  
Sa pagsubok na nagturo sa 'yo  
Na pahalagahan, da'n N'ya,

Copyright→ ©

meter→ 10, 8, 10, 8, 9, 6, 9, 6

# 118: Ang Dios May Yaman sa Langit

1. Ang Dios may yaman sa langit,  
Kaylan man 'di masukat,  
Walang hanggang kasiyahan –  
Cristong mahal N'yang Anak.  
Ang Dios may yaman sa lupa,  
'Dimatarok na galak –  
Cristong ipinahahayag  
Ng Kanyang manga anak.
2. Dahil sa sisidlanglupa  
Na puspos ng biyaya,  
Sa pusong nangungulila,  
Suminag ang ilaw N'ya.  
Sisidlang hamak, nagdala  
Nang buong kagalakan  
Ng dakilang kaloob N'ya –  
Anak N'yang kinalugdan.
3. Sinubok ma't nabigatan,  
Tawag N'ya'y mal'walhati;  
Malinis upang tahanan  
Ng pagibig N'ya lagi.  
Hinahamak man sa mundo,  
Sisidlang dukha't aba,  
Taglay ang yaman kay Cristo  
Na kal'walhatian N'ya.
4. 'Di kilala at mababa,  
Maging banal, maamo;  
Sa Dios ay sisidlang handa,  
Napupuspos ni Cristo.  
Bagay ng sarili't lupa,  
Ilaw nawa'y 'di takpan  
Nang ihayag na may galak  
Ang Kanyang kasaysayan.

composer→ Annie F.Q. Harrison, Arr. A.W.B.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 119: O, Dios, Salamat sa Araw

1. O, Dios, salamat sa araw  
No'ng lakas ay salat;  
At una naming natanto,  
Pagibig Mo'y sapat.  
Sa manga araw ng hirap,  
Sa daang maunos,  
Noong kami ay lumakad  
Kasama ni Jesus.
2. Salamat, Dios, sa pahinga,  
Nakamtan kay Cristo.  
Sa 'ming dapat matutuhan  
Na kahabagan Mo;  
Sa 'ming pakikipaglakbay  
Kasami ni Jesus  
Tungo sa pakikisama  
Sa luklukan mo Dios.
3. Galak na 'di madirimlan,  
Dilim ma'y dumating –  
Ang Pangino'n, Dios na buhay,  
Ay aming kapiling.  
Do'n sa kaluwalhatian  
Habang sumasamba,  
Hirap ma'y maalaala,  
Pupurihin din S'ya.
4. Aming inaalaala  
No'ng sa pagbabaka,  
Tubig, dinala N'ya sa 'min,  
Bayad ay dugo N'ya.  
Ngayo'y lumalakad kami  
Sa daan ni Jesus,  
At aming natututuhan  
Ang layunin ng Dios.

meter→ 8, 6, 8, 6, 8, 6, 8, 6 (C.M.D.)

## 120: Maglalakbay Kasama ni Jesus

1. Maglalakbay kasama'ng Manunubos ko;  
Hinanap ako't nasumpungan N'ya.  
Ako ay pinatawad nang lubusan,  
At Kanyang inakay sa daan N'ya.

*Koro*

*Wala akong kaybigang tulad ni Jesus;  
Ako'y maglalakbay na kasama N'ya.  
Kami ay hindi kayang paghiwalayin  
Ng anuman, sa langit o lupa.*

2. Wala akong kaybigang tulad ni Jesus;  
Dahil sa 'kin, langit, iniwan N'ya  
Upang sa ngayon at magpakaylan man  
Ay makigalak ako sa Kanya.
3. Iniibig akong tunay ng Pangino'n.  
Ang Kanyang kat'wiran at biyaya  
Ang s'yang magpapagindapat sa akin  
Na makatahan sa tahanan N'ya.
4. Maglalakbay akong kasama ni Jesus;  
Kahit na S'ya'y talikdan ng iba.  
Walang kapantay ang kagandahan N'ya.  
Ang patnubay ko'y ang pagibig N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 12, 10, 11, 10, 12, 11, 12, 10



## 121: 'Di Ko na Mabawi

1. Dios, layunin ng puso ko,  
Maging handog ako sa 'Yo.  
Ang panata ko sa Iyo,  
'Di ko na mabawi.

*Koro*

*Dios, ako'y nangako,  
Ito'y narinig Mo;  
Ang panata ko sa Iyo,  
'Di ko na mabawi.*

2. Tinutugon ko si Jesus,  
Isinusuko kong lubos  
Ang buong buhay ko sa Dios;  
'Di ko na mabawi.
3. Ang buhay ko'y tanging Kanya.  
Puso ko ay luklukan N'ya.  
Ito ay ukol sa Kanya;  
'Di ko na mabawi.
4. Magsusumikap nga ako;  
Biyaya N'ya ang lakas ko.  
Magdusa man, panata ko,  
'Di ko na mabawi.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 6, 6, 6, 8, 6

## 122: Kahanga-hangang Tunay

1. Kahangahangang tunay  
Ang gawa Mo sa 'kin;  
Nabago yaring buhay  
Sa Iyong pagdating  
'Pagka't ang aking lakad  
Ay itinuwid Mo.  
"Kalayawan, iwan mo,"  
Sa 'kin, ang bulong Mo.

*Koro*

*Ako nawa'y lumakad  
Na may pusong wagas.  
Natatanaw ko'ng ganti;  
Mundo'y lumilipas.*

2. Kaaway ng kalul'wa,  
Sa 'kin, humahadlang  
Nais n'yang makita ko,  
Buhay ko'y sayang lang;  
Nguni't lalong dakila,  
Ipinakita Mo –  
Putong na naghihintay  
Sa manga hirang Mo.
3. Inatang maliwanag  
Ang aking paningin  
Nang lagi kong makita,  
Layunin Mo sa 'kin.  
'Di ko nawa pansinin,  
Kalayawan dito;  
Sa halip na matakot,  
Dinggin ko'ng tinig Mo.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

## 123: “Dinaig Ko ang Mundo”

1. “Dinaig ko ang mundo,”  
Ang wika ni Cristo.  
Dulot N’ya’y kalayaan,  
Kung susunod ako.

*Koro*

*Sa piling ni Cristo,  
Hindi iwawalay;  
Inibig N’ya nang lubos,  
Ako’y Kanyang tunay.*

2. Sa dugo ng Pangino’n,  
Ang aking tiwala;  
May paglilinis doon,  
At bagong pagasa.
3. Tulong ko’y pagibig N’ya  
Sa araw ng hirap.  
Awit ko ay papuri  
Sa Kanyang paglingap.
4. Ang umibig kay Jesus  
Hanggang katapusan,  
May tagumpay na lubos  
At kal’walhatian.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 6, 6, 7, 6

tune→ Near the Cross

## 124: Lalong Mabuting Lupain

1. Lalong mabuting lupain,  
Ang minimithi natin  
Manlalakbay lamang dito.  
Tawag ng Dios ay dinggin;  
Nais N'yang tayo'y sumunod  
Sa hakbang ng Pangino'n.  
Ang pagibig N'yang dalisay,  
Sa atin ay tutulong.
2. Malimit may kalungkutan  
Sa pagtahak sa ilang,  
Nguni't ating kagalakan  
Na alam N'ya ang daan.  
Sa Kanyang manga tiisin,  
Tayo'y nakikiramay.  
Pakikisama sa Kanya,  
Nagdudulot ng buhay.
3. Maging kawangis ni Jesus –  
Ito'ng ating layunin.  
Buhay natin ay sa Kanya  
Kahit na may tiisin.  
Alam nating kalo'ban N'ya  
Ang pinakamabuti.  
'Pag natapos na ang hirap,  
May galak at papuri.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 125: Mangyari ang Ayon sa Ibig Mo

1. Sa buhay, minsa'y kalat ang dilim –  
Mahirap na unawain;  
Alam kong Ikaw ay tumitingin –  
May biyaya sa hakbangin.

*Koro*

*Tulungan Mo ako, O, Dios,  
Na magpasakop sa Iyo.  
Mangyari ang ayon sa ibig Mo –  
'Di ang ayon sa ibig ko.*

2. Pangino'n, ang tulong Mo'y kaylangan  
Nang it'wid ang aking hakbang.  
Ako'y patnubayan Mo't ingatan  
Nang 'di masinsay sa daan.
3. Ako ay tulungan at gawin Mo,  
Gaya ng murang pananim;  
Hutukin Mo sa 'Yong bawa't hipo  
Nang Ika'y lagi kong sundin.
4. Tulungan Mong makita ko ngayon  
Kung paano sa hantungan,  
At magtutumulín sa hangganan  
Nang ako'y gantimpalaan.

Copyright→ ©

composer→ Henry P. Morton

meter→ 10, 8, 10, 8, 8, 8, 10, 8

## 126: Hindi sa Mga Tao

1. Hindi sa manga tao,  
Naglilingkod ako;  
Kundi sa harap Mo, Dios,  
Lumalakad ako.  
Hindi ko pinapansin  
Ang sabi ng tao;  
Ang pas'ya Mo ay mat'wid  
Ukol sa buhay ko.

*Koro*

*Paglilingkod ko'y sa 'Yo, sa 'Yo  
Sa lungkot at siphayo,  
Makinabang o malugi man,  
Paglilingkod ko'y sa 'Yo.*

2. Ang pagibig Mo nawa  
Ang umugit sa 'kin;  
Tulad sa Panginoon,  
Tapat sa layunin.  
Maging sa kadiliman  
O sa liwanag man,  
Ang diwa ko'y bigyan Mo  
Ng kapahingahan.
3. Puso'y makasalanan,  
H'wag pagtiwalaan;  
Hindi kaya ng tao,  
It'wid kanyang hakbang.  
Siyang may karunungan,  
Titingin kay Jesus;  
Lalakad sa liwanag,  
Susundan S'yang lubos.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6, 9, 7, 9, 7

## 127: Dios, Lagi, Tulungan Mo Ako

1. H'wag tulutang puso ko ay masidlan  
Ng 'dikailangang kalungkutan.  
Kapag ang daan ko ay nadirimlan,  
Ang pagiingat Mo'y aasahan.

*Koro*

*O, Dios, lagi, tulungan Mo ako,  
Na magtiwala sa 'Yo.*

2. Sa dambana, sa ikalulugod Mo,  
Manatili nawa ang buhay ko.  
H'wag itulot na manghinawa ako  
Sa pagaalay, buhay ko sa 'Yo.
3. Pagasa ko kay Cristo'y pagtibayin,  
At h'wag tulutang ito'y yanigin.  
Kahit sa alabok ako'y mahimbing,  
Sa pagbalik N'ya ay gigisingin.

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10, 10, 7

tune→ Veglia al Mattino

## 128: Mapabilang sa Kanyang Bayan

1. Dunong o yaman man ay 'di ko hinangad  
Upang puri ng tao'y kamtin;  
Ang nais ng puso, ako'y mapabilang  
Sa manga tapat N'yang alipin.

*Koro*

*Ako ay mapabilang sa Kanyang bayan,  
Sa manga magigiting at matatapat;  
Ako'y mapabilang,  
Mapasama sa manga tapat.*

2. 'Di ko man bahagi, manguna sa laban,  
Ako'y sasa dakong kaylangan;  
Paninindigan ko ang Kanyang kat'wiran,  
Ako'y magtatapat saan man.
3. Nasisiyahan na kung nalalaman ko  
Na nalulugod ang Dios sa 'kin;  
Ako, sa 'king dako, ay mananatili,  
At susundan S'ya sa lakbayin.

meter→ 12, 9, 12, 9, 12, 12, 6, 9



## 129: May Kapakinabangan

1. May kapakinabangan ang maglingkod  
Kay Jesus, kung tayo'y tapat sa Kanya.  
May kapayapaan at kagalakan  
Ang sinumang maglilingkod sa Kanya.
2. May kapakinabangan ang magtipon  
Ng yaman sa langit, na 'di kukupas.  
'Di nanakawin ang natipon doon,  
'Pagka't kay Jesus ang lahat ay ligtas.
3. May kapakinabangan ang magalay  
Ng buhay anuman ang kawakasan,  
At mabuhay ukol sa manga bagay  
Na ang dulot sa Dios ay kagalakan.
4. May kapakinabangan ang mamatay  
Sa 'ting kalo'ban, magtiis man ngayon.  
Ang pagbabalik N'ya'y 'di maglalaon –  
Nakahanda ba tayong sumalubong?

Copyright→ ©

meter→ 11, 11, 11, 11

tune→ Clarendon Street

## 130: Ibigay, Pinakamainam Mo

1. Ibigay mo sa Pangino'n,  
Pinakamainam mo.  
Lakas ng 'yong kabataan,  
Sa Kanya'y ialay mo.  
Buhay N'ya ang halimbawa –  
Magiting at matapat.  
Buongkaya mo'y ibuhos;  
Sa Kanya ito'y sapat.

*Koro*

*Ibigay mo sa Pangino'n,  
Pinakamainam mo.  
Suot ang kagayakan N'ya,  
Laban ay harapin mo.*

2. Ibigay mo sa Pangino'n,  
Pinakamainam mo.  
Tanging sa Kanya iukol,  
Paglilingkod at puso.  
Ang sinisinta N'yang Anak,  
Sa atin ay kaloob.  
S'ya ay iyong papurihan;  
Buhay mo ay ihandog.
3. Ibigay mo sa Pangino'n  
Ang pinakamainam.  
Dugo N'ya sa 'yo'y tumubos;  
Kalangita'y nilisan,  
Buong buhay inihandog –  
Kamtin mo'ng kaligtasan.  
Pagsamba mo at paggalang,  
S'ya ang 'yong paghandugan.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 131: Mahal Ko ang Pastor

1. Nais kong masundan  
Ang daang patungo  
Sa Dios at kapayapaan,  
Ang daan ni Cristo.

*Koro*

*Mahal ko ang Pastor*

*At ang pagpili N'ya.*

*Ngayon, aking susundin na*

*Ang kalooban N'ya.*

2. Nang lipos ng sala,  
Ako'y nasumpungan;  
Pinuspos N'ya ang puso ko  
Ng kapayapaan.
3. Ang buhay ni Jesus  
Ay tulong sa akin  
Nang malaman at lakaran  
Ang Kanyang landasin.
4. Naisukong buhay,  
Kanyang uugitin;  
Sa pusong may kababaan,  
Layon N'ya'y tutupdin.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

## 132: Kay Inam na May Pagkakaisa

1. Dios, kay inam na 'Yong bayan  
Ay may pagkakaisa;  
Tinalian ng pagibig  
Sa Anak at sa Ama.  
Yumuyukod kami sa 'Yo,  
Bigyan Mong kalayaan.  
Sa pagkakaisang tunay,  
Puso nami'y basbasan.

*Koro*

*Habang kami'y sumasamba  
Na may papuring alay,  
Dios, kami'y 'Yong pagpalain  
Ng walang hanggang buhay.*

2. Dios, kay inam na 'Yong bayan  
Ay may pagkakaisa;  
Magkakilalayo man sila,  
Binigkis ng 'Yong Gawa.  
Nawa ang Espiritu Mo,  
Ang magbuklod sa amin,  
Banayad na nagdudulot  
Ng kapayapa'n sa 'min.
3. Dios, kay inam na 'Yong bayan  
Ay may pagkakaisa;  
Magkatulong hanggang kamtin,  
Putong na gantimpala.  
Binubuklod ng pagibig,  
Sila'y lalapit sa 'Yo  
Na puso'y naguumpapaw  
Sa pagpupuri sa 'Yo.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 133: “Magkaisa Nawa Sila”

1. “Magkaisa nawa sila,”  
Ang dalangin ni Jesus  
Habang S’ya’y kasama nila,  
Bago namatay sa krus.

*Koro*

*Nagkakaisa tayo,  
Kasama’ng Kanyang bayan  
At S’ya’ng umiibig sa ’tin  
Sa magpawalang hanggan.*

2. “Pagisahin nawa sila  
Na sa ’Ki’y ’Yong ’binigay.”  
Kahit sila ay iilan,  
Maging saksi N’yang tunay.
3. “Silang sasampalataya  
Sa ’Kin – pagisahin Mo;  
Dahil dito’y nahahayag  
Na sinugo Mo Ako.”
4. “Sila’y magkaisa nawa,”  
Ngayo’y sinasamo N’ya;  
Nais N’yang makita sila,  
Buklod sa pagibig N’ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 8, 7

# 134: Natatago kay Cristo

1. Pangino'n, sa puso ko,  
May isipang ma tamis –  
Iyong binigyan ako,  
Kapayapaang nais.  
Buhay ko ay tiwasay;  
Sa 'Yo nakasalalay.
2. Ligtas buhat sa mundo,  
Kupkop ng Iyong kamay,  
Tiwasay ang puso ko,  
'Pagka't alam ko'ng buhay  
Na kasama ni Cristo  
Ay natatago sa 'Yo.
3. Si Cristo na s'yang buhay  
At kapayapaan ko,  
Do'n sa krus ay namatay  
Upang tubusin ako  
At makatahan sa 'Yo  
Na kasama ni Cristo.

Copyright→ ©

meter→ 7, 7, 7, 7, 7, 7

tune→ Adoration

## 135: Tungkol sa Akin, Pag-iisip Mo

1. Sa maraming pagtitiis  
Ay may isipang matamis –  
O, Dios, ang 'Yong pagiisip  
Ay tungkol sa akin.

*Koro*

*Dios, tungkol sa akin*

*Ang pagiisip Mo.*

*Hindi ako matatakot*

*'Pagka't kasama Mo.*

2. Kahit may kabalisan,  
Manga tukso at kalaban,  
Alam ko ang 'Yong isipan  
Ay tungkol sa akin.
3. Kahit ang aking lakbayin,  
Maliwanag o madilim,  
Ako'y nasisiyahan rin  
Sa pagiisip Mo.

meter→ 8, 8, 8, 6, 6, 6, 8, 6

# 136: Hanggang Wakas, Susunod

1. Sasama ako kay Jesus  
Kahit may humahadlang;  
Hindi ako hihiwalay –  
Susundan ko'y S'ya lamang.

*Koro*

*Kay Jesus, susunod –  
Hanggang wakas, susunod.*

2. 'Di ko ipagkakanulo  
Ang aking Panginoon.  
Pagibig N'ya'y mahal sa 'kin;  
Ako'y laging susunod.
3. Maglalakbay ako t'wina  
Na kasama ni Jesus;  
Hanggang do'n sa kalangitan,  
Susundan ko S'yang lubos.
4. Ako at ang Panginoon,  
Lalong pagiisahin;  
'Di na ako hihiwalay –  
S'ya ang tatalimahin.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 7

tune→ Geshem



# 137: Privilegio Ko'ng Maglingkod

1. Ako ay binigyan ng Dios,  
Isang katawang lupa;  
Nais kong isukong lubos  
Nang maging tahanan N'ya.

*Koro*

*Privilegio ko'ng maglingkod  
Na kasama ni Jesus,  
Katulad ng nangauna  
Na nagtapat nang lubos.*

2. 'Sinusuko ko na'ng lahat;  
Gagawin ko'ng nais N'ya.  
Kanyang ikinalulugod,  
Sa 'kin, nawa'y tupdin N'ya.
3. Aking pinakamabuti,  
Iaalay sa Kanya.  
Ang marubdob kong hangarin,  
Kamtin ang paglingap N'ya.
4. Akin ang makibahagi  
Sa Kanyang pagkadusta,  
Sa manga dusa at sakit,  
At kal'walhatian N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 138: Puso Ko'y May Pahinga

1. Dios, puso ko'y may pahinga;  
Magpupuri ako.  
Natagpuan ko ang bukal  
Ng pagpapala Mo.  
Ikaw lang ang nagbibigay,  
Galak, kasiyahan;  
Ang tanging dulot ng mundo,  
Manga kabiguan.
2. Naghahanap ang puso ko  
Ng tubig ng buhay  
At yaman sa pagibig Mo –  
At naritong tunay.  
Ako'y may bagong awitin  
Ng papuri sa 'Yo  
Dahil sa Iyong biyaya  
Na 'di pa natamo.
3. Magpupuri pa rin sa 'Yo,  
Mahina man ako,  
At manga pangangaylangan  
Ay nadarama ko.  
Mayro'n akong kagalakan,  
'Di pa hayag sa 'kin;  
Iniingatan Mo ito  
Alangalang sa 'kin.
4. Puso ko'y nagpapahinga  
Sa pagkalinga Mo.  
Ang tinig ng kagalakan  
Ay naririnig ko;  
"Ikaw ang aking bahagi,"  
Awit ng marami.  
Ang himig ng awit nila  
Ay mamamalagi.

meter→ 8, 6, 8, 6, 8, 6, 8, 6 (C.M.D.)

## 139: Mga Pusong Kaylangan ng Mundo

1. Nangangaylangan ang mundo,  
Mapagtiwalang puso  
Na may mat'wid na hangarin,  
Sumusunod kay Cristo.  
Manga pusong magigiting  
Lubos ang katapatan,  
Hangad, Dios lang ang purihin,  
Ibigin, at tularan.

*Koro*

*Pusong may paninindigan  
Sa masidhing labanan,  
'Di takot sa kamatayan,  
Dios ang pinakikinggan.*

2. Manga pusong matatapat,  
Madamayin sa kap'wa,  
Malayo sa pandaraya,  
Puspos ng pagibig N'ya.  
Manga pusong, tanging ang Dios,  
Ang doo'y naghahari,  
Mamatay man, sumasamo,  
"Kalo'ban Mo'ng mangyari."
3. Manga pusong may pagibig  
Sa nangapapahamak,  
Sa hindi wagas na puso,  
Dios ay 'di nagagalak.  
Pusong isinukong lubos,  
Katulad ng kay Jesus  
May galak na makiramay  
Sa kahirapan ng krus.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 140: Ang Tanging Layon Ko

1. Ang tanging layon ko ngayon,  
Tupdin ang nais ng Ama;  
Sa daan ay magpatuloy,  
At sa Kanya'y magpahinga.

*Koro*

*Buhay ko'y isinusuko*

*Upang Kanyang patubayan;*

*Kanyang iingatan ito*

*Magpahanggang sa hantungan.*

2. Ang daang Kanyang tinahak  
Upang buhay ay kamtin ko  
Ay aking susundang lubos;  
Kalooba'y isusuko.
3. Bakit lakas gugugulin  
Sa bagay na may hangganan?  
Si Jesus, tumubos sa 'kin;  
Sa Kanya'y may kasiyahan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

# 141: Bigyan Ako, Pusong Tapat

1. Bigyan ako, pusong tapat,  
Pusong malambot at bago.  
Maging tulad nawa sa 'Yo  
Sa salita at gawa ko.  
Ang pusong matigas ay Iyong alisin;  
Sa 'kin ay ibigay, may biyayang puso,  
Puspos ng unawa, sa awa ay puno  
Pusong tulad sa 'Yo, bigyan ako.
2. Bigyan ako, pusong laya  
Na sa sala'y kinalagan.  
Buhay ko ay 'di man dapat,  
Espiritu Mo'y manahan.  
Limutin ko'ng mali, sa 'kin ay ginawa  
At ipakita ko ang kaamuan Mo.  
Lumuha man ako, Iyong dalisayin.  
Pusong tulad sa 'Yo, bigyan ako.
3. Bigyan ako, pusong tapat,  
Pusong handang magpatawad.  
Tulong sa nangangaylangan,  
Sa t'wina'y aking igawad.  
Nais kong madama, damdamin ng iba;  
Kaybigan, kaaway, ay aking tulongan.  
Makiramay ako sa kanilang dusa –  
Taglay pusong tapat, kahit saan.

Copyright→ ©

author→ Ira Stamphill

composer→ Ira Stamphill

meter→ 8, 8, 8, 8, 12, 12, 12, 10

## 142: Mabuhay Ka Alang-alang sa Iba

1. Nawa ay mabuhay ka  
Alangalang sa iba.  
Anak ng Dios, si Cristo,  
Nabuhay nang ganito.

*Koro*

*Nawa ang iyong buhay  
Ay lagi mong gugulin  
Alangalang sa iba,  
Nang ika'y pagpalain.*

2. Nawa ay mabuhay ka  
Alangalang sa Kanya  
Na nabuhay, namatay,  
Upang iba'y mabuhay.
3. Nawa ay mabuhay ka  
Ayon sa layunin N'ya,  
May pusong mapagbigay  
At maibiging tunay.
4. 'Pag buhay mo'y binawi  
At sa Dios ay umuwi,  
O, anong laking galak,  
'Pag ganti mo'y tinanggap.

meter→ 7, 7, 7, 7, 7, 7, 7

## 143: Pangino'n, Nalalaman Mo

1. Pangino'n, nalalaman Mo,  
Aking pangangaylangan.  
Naghihintay sa harap Mo  
Upang Ika'y pakinggan,  
Nawa'y sumangayon ako  
Sa Iyong kalooban.  
Sa buhay na salita Mo,  
Ako'y may kasiyahan.

*Koro*

*Kalul'wa ko'y nagnanasa  
Ng Iyong kapuspusan.  
Tatakan ang aking diwa,  
At ako'y 'Yong basbasan.*

2. Pangino'n, nalalaman Mo,  
Aking pangangaylangan.  
Ako'y susunod sa Iyo  
Sa 'Yong kaliwanagan.  
Sa manga kahinaan ko,  
Ako ay 'Yong tulungan;  
Gawing kawangis ni Cristo,  
Sa 'Yong kapangyarihan.
3. Pangino'n, nalalaman Mo,  
Aking pangangaylangan.  
Ang dalangin ko'y dinggin Mo,  
At ako'y kaawaan.  
Ako'y alalahanin Mo  
Sa Iyong kahabagan.  
'Yong biyaya, kaylangan ko  
Hanggang sa katapusan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 144: Pasanin Mo ang Iyong Krus

1. “Kung Ako’y iyong susundin,  
Pasanin mo ang iyong krus  
At tanggihan ang sarili”,  
Ang paanyaya ni Jesus.
2. Pasanin mo ang iyong krus,  
At sa bigat h’wag mangamba;  
Tutulungan ka ni Jesus –  
Sapat ang Kanyang biyaya.
3. Pasanin mo ang iyong krus,  
At h’wag itong ikahiya.  
Dahil sa ’yo, S’ya’y namatay  
Upang Kanyang iligtas ka.
4. Pasanin mo ang iyong krus,  
At sumunod ka kay Jesus.  
Ikaw ay magtatagumpay  
Kung tatalima kang lubos.

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Hesperus



# 145: Krus Ko'y Aking Pinapasan

1. Krus ko'y aking pinapasan;  
Cristo, Ika'y susundan.  
Hamak, dukha't binayaan,  
'Di kita tatalikdan.

*Koro*

*Susundan kita, O, Cristo –  
Dugo Mo'y ibinuhos.  
Lahat ma'y magtakwil sa 'Yo,  
Ika'y susundan kong lubos.*

2. Inasam ko'y mawala man  
At lahat kong kinamtan,  
Ang buhay ko ay kay yaman;  
Akin ang Dios kaylan man.
3. Iwan man ako ng tao,  
Sa 'Yo, sasama ako.  
Tapat Ka't maaasahan;  
Walang daya, puso Mo.
4. Pinaguusig man ako,  
Lalong lalapit sa 'Yo;  
Buhay ma'y puno ng subok,  
Pahinga ko'y sa Iyo.

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 8

tune→ Freetown

## 146: Puso'y Ingatang Tapat

1. Sa t'wina'y may bulong sa akin  
Mula sa pangakong lupain,  
"Ikaw ay kakailanganin  
Puso'y ingatang tapat."

*Koro*

*Panginoon, suma akin  
Hanggang langit mamasdan;  
Tumulong sa 'king lakbayin,  
Puso ko'y 'Yong ingatan.*

2. Sa loob ko'y may katakutan,  
Sa labas ay may humahadlang;  
Sa kalul'wa'y may katanungan,  
"Tunay ba ang layon ko?"
3. Lalakad akong may tiwala;  
Papatnubayan ng pagasa.  
Pagibig ang magingat nawa  
Sa puso't layunin ko.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 9, 7, 8, 7, 8, 7

# 147: Buong-Puso Nawa Kami

1. Buongpuso nawa kami  
Sa lakbayin ng buhay.  
Sa tapat na paglilingkod,  
Aming lakas ay alay.

*Koro*

*O, tulungan Mo kami, Dios,  
Maglingkod na matapat –  
Buongpuso, kusangloob –  
Hindi sumasalungat.*

2. Buongpuso nawa kami  
Sa pagsuko sa Iyo;  
Buhay ay inihahandog,  
Sa ikalulugod Mo.
3. Buongpuso nawa kami  
Habang nananalangin;  
Nakikinig sa 'Yong tinig,  
Ang lahat ay susundin.
4. Walang ibang kasiyahan  
Kundi maglingkod lagi  
Na tapat at buongpuso  
Sa Pangino'n at Hari.

Copyright→ ©

composer→ Grant Colfax Tullar

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

tune→ Vision

## 148: Puri Ma'y Wala

1. Puri ma'y wala, si Jesus pa rin,  
Buong kagalakan kong susundin.  
Sa Espiritu ay magtanim  
Upang ang putong ay aking kamtin.
2. Puri ma'y wala, S'ya ma'y wala rin;  
Bakit 'di ko ito titiisin?  
Dapat na ako'y magpakababa  
Upang S'ya naman ay dumakila.
3. Puri ma'y wala, kasama ko S'ya  
Na humahanap ng pagpapala  
At luwalhating walangpagkupas  
Na sino ma'y 'di makapipintas.
4. Puri ma'y wala, hindi kilala,  
At inuusig dito sa lupa,  
Ako'y nauunawaan ng Dios –  
Sa akin ito'y sapat at lubos.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 10

## 149: Sa 'King Tiwala sa 'Yo, Dios

1. Sa 'king tiwala sa 'Yo, Dios,  
Pahinga ko'y lubos;  
Sapagka't iniisip Mo,  
Ikabubuti ko.
2. Balak ko man ay masira,  
Mithi ko'y mawala,  
Sa yaman man ako'y salat,  
Sa Iyo may sapat.
3. Kahit lakas ko'y mawala  
At puso'y balisa,  
Dios, sa akin, maghari Ka  
Nang maging payapa.
4. Bagama't may pagkabigo,  
Mabuti rin ito;  
Sa mundo, ako'y ilayo  
At ilapit sa 'Yo.
5. Sa pananampalataya,  
Sa 'Yo'y tatalima.  
Iyong kamay ang aakay  
Sa 'king paglalakbay.
6. Nakikinig, Ama, sa 'Yo –  
Sa ikatut'wid ko;  
Anong tamis na pahinga,  
Sa nagtitiwala.

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

## 150: Mahal na Tagapagligtas

1. Mahal na Tagapagligtas,  
Ipagkaloob Mo  
Ang Iyong kapayapaan,  
Pawiin ang kalungkutan;  
Ika'y suma akin,  
At ako'y akayin.
2. Ikaw ang aking kanlungan  
Sa unos ng buhay.  
Ako ay titingin sa 'Yo  
Nang masdan ko'ng pagibig Mo.  
Wala nang pangamba,  
Aking kaluluwa.
3. Sa manga kahapisan ko,  
'Pag dumaing sa 'Yo,  
Ang samo ko'y 'Yong diringgin;  
Ako'y Iyong aaliwin.  
Pangangaylangan ko  
Ay tinutugon Mo.
4. Sa takipsilim ng buhay  
At ako'y uuwi,  
Doo'y magagalak ako  
Kung maririnig ko ito,  
"Anak, pumasok ka;  
Ika'y magpahinga."

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 8, 6, 6

tune→ Spencer

# 151: Pag-ibig Mo, O, Dios

1. Nawa ang pagibig Mo,  
Sa aki'y magingas  
Nang sa Iyo'y manatili;  
Sa sala'y umiwas.

*Koro*

*Pagibig Mo, O, Dios,  
Sa aki'y magingas  
Upang ako'y 'di maglilo,  
Masinsay sa landas.*

2. Nawa ang pagibig Mo,  
Magudyok sa akin  
Upang ang nais Mo lamang;  
Ang aking susundin.
3. Habang ang pagibig Mo  
Sa 'kin, nagniningas,  
Ako ay makikiramay  
Sa Iyong dinanas.
4. Nawa ay pagisahin  
Ng Iyong pagibig  
Ang bayan, Mo sa pagtupad  
Ng lahat Mong ibig.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6

tune→ Revival

## 152: Salita ng Panginoon

1. Salita ng Panginoon –  
Ginigising ako ngayon,  
“Sa gitna ng sala’t dilim,  
Magpuyat ka’t manalangin.”

*Koro*

*Ang daan N’ya’y, susundan ko  
Saan man ito tumungo.  
Ang nais ko ay magtapat  
Nang sa Kanya’y maging dapat.*

2. Pinagbubulaybulay ko  
Ang pagbabalik ni Cristo  
Nang tanggapin, manga hirang  
Na nagsilakad sa daan.
3. Bagama’t may umuuyam  
Sa Dios at sa Kanyang daan,  
Ang layunin kong maningas –  
Magtapat hanggang sa wakas.
4. Ang pagibig Niyang tunay  
At ang biyaya N’yang alay  
Ang sa aki’y kakandili  
Hanggang sa magkita kami.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Lacrima



## 153: Ang Landas Bukas

1. Ang landas bukas, 'di natin alam;  
Tayo'y lalakad lang.  
Magtitiwala tayo sa Ama;  
Talos N'ya ang daan.

*Koro*

*Sa pagibig ay inililingid N'ya  
Ang nasa hinaharap  
'Pagka't alam N'y'ang ating pasanin  
Sa arawaraw ay sapat.*

2. Sa Kanyang pagibig nananangan,  
Lumalakad tayo;  
Lubos ang pananampalataya,  
Sumusunod tayo.
3. Manga kapanganiban sa daan,  
'Di lingid sa Ama,  
At S'ya ang maglilihis sa atin  
Sa silo ng sala.
4. Kapag langit natin ay maulap,  
Dinggin ang wika N'ya,  
"Lilipas rin ito, may pagasa  
Na magliwanag pa."

Copyright→ ©

meter→ 10, 6, 10, 6, 11, 7, 10, 8

# 154: Cristo'y Nakikilala Ko

1. S'yang sinampalatayanan  
Ay aking nakikilala.  
Sa araw ng paghuhukom,  
Damit ko ay kat'wiran N'ya.

*Koro*

*Cristo'y nakikilala ko,  
At ako'y nagtitiwala  
Na iingatan N'yang lubos,  
Manga tupa't kordero N'ya.*

2. S'ya'y aking nakikilala;  
Sa Kanya ang tiwala ko.  
Kalo'ban N'ya'y tatanggapin  
Kahit maging aba ako.
3. S'ya'y aking nakikilala;  
'Di malirip, pagibig N'ya.  
Walang sukat at hangganan  
Ang dakilang biyaya N'ya.
4. S'ya'y aking nakikilala;  
Wala akong katakkutan  
Lupa't langit, lumipas man  
S'ya ang tunay kong kanlungan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Starless Crown

## 155: Hindi Ko Alam Kung Bakit

1. Hindi ko alam kung bakit  
Inihayag sa 'kin  
Ang biyaya't pagibig N'ya  
Na umangkin sa 'kin.

*Koro*

*Nguni't nakikilala ko S'ya  
Na aking pinagkatiwalaan;  
Ingatan N'ya ang lahat  
Hanggang sa katapusan.*

2. 'Di ko alam kung paano  
Sa Kanyang salita,  
Ako'y nanampalataya –  
Puso'y napayapa.
3. 'Di ko alam kung paano  
Ang Espiritu N'ya  
Ay lumikha sa puso ko  
Tiwala sa Kanya.
4. Hindi ko alam kung kaylan  
Ang pagbabalik N'ya  
O ang pagtawag N'ya sa 'kin  
Upang suma Kanya.

meter→ 8, 6, 8, 6, 9, 10, 8, 7

# 156: Ang Sunod Kong Hakbang

1. 'Di ko makita, hinaharap;  
Hindi sapat lakas ko  
Nguni't sa 'Yo nagtitiwala  
Ng susunod na hakbang ko.

*Koro*

*O, Jesus, ang sunod kong hakbang,  
Ingatan Mo sa balak ng Dios.  
Pagasa 't lakas ko 'y nasa 'Yo;  
Patatagin Mo akong lubos.*

2. Ipinangako Mo'y biyaya  
Na mananaig sa tukso;  
Laan Mo ay t'yak na paraan  
Nang makailag sa silo.
3. Nililimot ang kabiguan  
At makasariling daan,  
Laging sa harap ang tingin ko –  
Ikaw lang, aking susundan.
4. Kung sunod kong hakbang, ikubli  
Ng karimlan at ng bagyo,  
Akay ng Dios, makalalakad –  
Itut'wid N'ya ang hakbang ko.

meter→ 9, 7, 9, 8, 9, 9, 9, 9

tune→ Bellflower

## 157: Buhay ng Pananaig

1. Buhay ng pananaig  
At ng pagpupuri,  
Maging inyong bahagi,  
Ngayon at palagi.  
Tagumpay ay binili  
Sa krus ng Calvaryo.  
Sala'y 'di maghahari –  
Malaya na tayo.
2. Nais n'yo bang malaman  
Lihim ng tagumpay?  
Tulutan n'yo si Jesus  
Na magharing tunay.  
Bagbag n'yong espiritu  
Na Kanyang binihag,  
Kasama sa tagumpay  
'Pag S'ya ay nahayag.
3. Kahit ang daan ninyo  
Malibot ng dilim,  
Ang pangako N'ya'y masdan,  
Tagumpay ay kamtin.  
Pananampalataya  
Ang s'yang umaakay;  
Inyong makikita'ng Dios,  
At kayo'y titibay.
4. Pagbabaka'y sisidhi  
Sa huling panahon,  
At tatayong matibay  
Silang sumangayon  
Na puso nila'y buksan  
Nang Dios, do'n manahan.  
Sila'y magtatagumpay  
Na magpakaylan man.

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

tune→ Heber

## 158: May Lakas sa Kaamuan

1. May lakas sa kaamuan, pagibig, tiwala,  
Nagpapatuloy sa daan kahit na mahina.  
Si Jesus ang umaakay, ilaw N'ya ang tanglaw –  
Nagliliwanag sa da'n, gabay arawaraw.
2. Ang maningning na ilaw N'ya, dulot ay pagasa.  
Ang masaganang awa N'ya ang nagpapakita  
Ng kayamanan sa langit sa buhay na tapat –  
Nagsisikap maglingkod at gawin ang dapat.
3. Ang lakas ko'y kaloob N'ya, ako ay sagana;  
Tinapay, tubig na buhay ay nakasisiya.  
Ibinibigay N'ya ang aking pangangaylangan;  
Ang pangako N'ya'y tunay at nagpapayaman.
4. Pinahahalagahan ko ang Kanyang pagtawag.  
Dapat ngang ako'y subukin habang naglalayag.  
Sa bugso ng manga tukso at sariling nasa,  
Dinggin, bulong ni Jesus, "O, pumayapa ka."

Copyright→ ©

meter→ 14, 14, 14, 13

# 159: Ikaw ay Magsikap

1. Magsumikap ka at magpatuloy  
Na laging kasama ni Jesus.  
H'wag kang manlupaypay, ni mapagod  
Hanggang lakbayin ay matapos.

*Koro*

*Ikaw ay magsikap,  
Laging magpagal, manalangin;  
Puso at buhay mo,  
Sa dambana'y panatilihin.*

2. Magsikap ka't h'wag magatubili;  
Lumalaganap na ang dilim.  
Ligtas ka sa piling ng Pangino'n,  
Kahit may silo sa lakbayin.
3. Magpatuloy ka at laging sundan  
Ang manga hakbang ng Pangino'n,  
At ng manga matapat sa langit  
Do'n sa walang uhaw at gutom.
4. Palagi kang makipagkaybigan  
Kay Jesus habang nasa lupa;  
Sa langit, S'ya'y naghihintay sa 'yo.  
Walang hanggang purihin mo S'ya.

Copyright→ ©

meter→ 10, 9, 10, 9, 6, 9, 6, 9

# 160: Maaasahan Ka Ba?

1. Sa 'ting pakikipagbaka  
Nang dahil sa kat'wiran,  
Matatapat na alipin,  
Kanyang kinakaylangan.  
Matapat ka ba sa Dios  
At maaring asahan?

*Koro*

*Maaasahan ka ba?  
Magtapat ka sa Kanya,  
At magpakatampang ka  
Nang maasahan ka N'ya.*

2. Tayo ba, tulad sa kawal,  
Yayaon sa labanan?  
Taglay ang lakas ni Jesus,  
Tayo ay lumalaban  
Sa manga pandaraya,  
Sala, at kadiliman.
3. Nakikita tayo ng Dios,  
Tulong sa atin ito;  
Si Jesus ang nangunguna,  
Magtatagumpay tayo.  
Puputungan ang tapat –  
Umaasa S'ya sa 'yo.

composer→ Ira B. Wilson

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 7, 7, 7



# 161: Ang Kagayaka'y Isuot Mo

1. Ang kagayaka'y isuot mo  
Sa pakikipagtunggali mo.  
Ang namumuno ay si Cristo;  
Tuloy sa tagumpay.

*Koro*

*Nagpupuyat, nananalangin,  
Nananaig ang dumaraing.  
Cristo ang iyong dapat sundin  
Habang may buhay ka.*

2. Taglayin mo ang tabak ng Dios,  
At sumunod sa Kanyang utos;  
Ang puso mo'y sangayong lubos  
Upang magtagumpay.
3. Ang turbante ng kaligtasan  
At baluti ng katuwiran  
Ay isakbat mong pananggalang –  
At magtatagumpay.
4. Dalangin ang iyong panyapak,  
Paniniwala ang kalasag.  
Ang matapat ay magagalak  
'Pagka't nagtagumpay.

Copyright→ ©

meter→ 9, 9, 9, 6, 9, 9, 9, 6

tune→ Invitation

## 162: Salamat sa Mga Kabataan

1. Salamat sa manga kabataan  
Na umiibig sa Iyong daan,  
'Di pansin ang pangakit ng mundo,  
At pinipiling paakay sa 'Yo.

*Koro*

*Pangino'n, sila'y ingatan  
Sa 'Yong dakilang kapangyarihan.  
Sa kaharian Mo, tumutulong sila,  
At inihahasik ang buhay nila.*

2. 'Pag naghahari ang pagkatao,  
Hinahamak ang pagtuturo Mo,  
At tiwala nila'y sinisira,  
Ipagsanggalang Mo nawa sila.
3. 'Pag nandaraya ang Manunukso  
Hinihikayat silang maglilo,  
Sila'y tulungang mapagkilala  
Ang malasakit ng Ama nila.

Copyright→ ©

composer→ C. Austin Miles

meter→ 10, 10, 10, 10, 8, 10, 12, 11

## 163: Anong Tamis

1. Anong tamis kung sa sala,  
Tayo nga ay nawalay na –  
Sumunod kay Jesus.  
Anong tamis maging laya  
Buhat sa 'ting manga nasa –  
May tiwala sa Dios.
2. Anong tamis masumpungan  
Sa atin ang kababaan  
Nang malugod ang Dios.  
Anong tamis kung makita,  
Kaamuan sa 'ting gawa  
At angkop na kilos.
3. Anong tamis kapag suko,  
Ating lakas pati puso  
Nang magamit ng Dios.  
Anong tamis ipasakop,  
Bawa't isipang 'di angkop  
Sa paningin ng Dios.
4. Anong tamis kung ang lakas  
Ay magugol at sa wakas  
Ay umuwi sa Dios.  
Kay tamis pumailanglang  
Ang diwa sa kalangitan,  
At manahan sa Dios.

meter→ 8, 8, 6, 8, 8, 6

tune→ Meribah

## 164: Aking Ama ang Nagbalak

1. Aking Ama ang nagbalak  
Sa 'king manga dusa't galak;  
Sa subok sa 'king harapan,  
Biyaya N'ya'y nakalaan.

*Koro*

*Sa Kanyang kapangyarihan,  
Ako ay iniingatan,  
At sa manga humahadlang  
Ay ipinagsasanggalang.*

2. May takot sa aking loob –  
Kaaway ay kumukubkob;  
Nguni't ako'y may tiwala  
Sa lakas at biyaya N'ya.
3. Kahit ano ang darating,  
Ako'y sasa Kanyang piling.  
Ako'y pasasakop t'wina  
Nang sa aki'y mahayag S'ya.
4. Habang ako'y naririto,  
Siya nawa ang sundan ko.  
Kapag tinawag N'ya ako,  
Kanyang wangis ang taglay ko.

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

## 165: Kaytamis na Kapahingahan

1. O, kaytamis na kapahingahan,  
Paglipas ng manga kabiguan;  
Kalooban Mo'y s'yang nagtagumpay.  
Ang layon Mo, tupdin sa 'king buhay.

*Koro*

*Yaring pahinga'y ibigay sa 'kin;*

*Kapayapaan sa Iyo'y kamtin.*

2. O, kaytamis na kapahingahan  
Kung sa sarili'y may kamatayan;  
Kay Cristo ay muling mabubuhay  
Na kalugodlugod at dalisay.
3. O, kaytamis na kapahingahan  
'Pag natapos na ang pagpapagal.  
Tanging sa 'Yo, papuri'y ialay;  
Ikaw ang may bigay ng tagumpay.
4. O, kaytamis na kapahingahan  
Sa pagsapit sa huling hantungan;  
Kasama Mo at 'Yong manga hirang,  
Ay manahan magpawalang hanggan.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 10, 10, 10

## 166: Panginoon, Kung Maunos ang Daan

1. Pangino'n, kung maunos ang daan,  
Sa pagdalangin, kami'y turuan;  
Nawa ang Iyo ngang kalooban,  
Ang mangyari.
2. Kapag ang sala ay humahadlang,  
At sumisidhi, tukso't labanan,  
Tiwala nami'y sa 'Yong kalo'ban.  
S'yang mangyari.
3. Kahit ang tiisin ay danasin,  
At ang kabiguan ay dumating,  
Kalo'ban Mo lang ang nais namin  
Na mangyari.
4. Paglilinis Mo'y aming kaylangan;  
Sa paglakad kami'y 'Yong tulungan.  
Pangino'n, nawa ang 'Yong kalo'ban –  
S'yang mangyari.
5. Panginoon, ang tapat Mong buhay,  
Sa 'min ay tulong nang magtagumpay.  
Kalooban Mo sa aming buhay,  
Ang mangyari.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 4

## 167: Dios, sa 'King Pangangaylangan

1. Dios, sa 'king pangangaylangan,  
Ako'y 'Yong tulungan  
Upang sa araw na ito,  
Magtapat sa Iyo.
2. Alam kong sa 'Yong kalo'ban,  
Walang kalugihan;  
Kahit na ang bahagi ko,  
Hindi ang pili ko.
3. Kung Ikaw ang kasama ko,  
Pangatag na ako.  
Lahat ma'y laban sa akin,  
May pahinga pa rin.
4. Dios, daan ko ma'y magdilim,  
Ako ay akayin;  
Ikaw ang sumama sa 'kin  
Hanggang takipsilim.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

## 168: Sa Batong Dakila Kaysa Akin

1. Panginoon, dinggin Mo ang daing ko;  
Ako ay bagbag at may tiisin.  
Akayin Mo nawa akong patungo  
Sa Batong dakila kaysa akin.
2. Sa gitna ng hapis, ang pangaliw Mo,  
“May pagasa, muli mong subukin.”  
Nabigo man, nagtitiwala ako  
Sa Batong dakila kaysa akin.
3. Ang kataasan, ilayo Mo sa ’kin;  
Katigasan, nawa ay alisin.  
Tulungan Mo ako upang hanapin  
Ang Batong dakila kaysa akin.
4. Kapag ako’y puno ng kalumbayan,  
’Di matarok ang Iyong layunin,  
Nawa, hindi ako magalinlangan  
Sa Batong dakila kaysa akin.
5. ’Pag ako’y tinuksong ipagkaila  
Ang Pangino’ng tumubos sa akin,  
Patatagin ako sa pananalig  
Sa Batong dakila kaysa akin.

meter→ 11, 10, 11, 10



# 169: O, Ako'y Patnubayan

1. O, Jesus, ang tinuntungan  
Ng Iyong manga paa,  
Ang aking susundang lubos  
Na may lugod at tuwa.

*Koro*

*O, ako'y patnubayan  
Sa Iyong tinuntungan  
Hanggang sa kalangitan.*

2. Minamahal ko ang landas  
At bawa't karanasan.  
May galak kong gagampanan  
Ang Iyong kalooban.
3. Hindi ko natatalastas  
Ang nasa harapan ko,  
Nguni't ako'y aakayin  
Ng palatuntunan Mo.
4. O, anong tamis isipin  
Na S'ya ang papatnubay,  
At ako'y kukupkupin N'ya  
Hanggang kabilang buhay.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 7

tune→ Jura

# 170: Panginoon, Akayin Mo Ako

1. Panginoon, akayin Mo ako,  
Patnubayan.  
Iligtas Mo ang kaluluwa ko  
Sa karimlan;  
'Pagka't ako'y totoong mahina,  
Nguni't Ikaw ay mapagbiyaya.
2. Panginoon, ako'y 'Yong tulungan  
At ingatan.  
Alisin Mo'ng aking katigasan,  
Kataasan.  
Kung gagamitin Mo ang buhay ko,  
Ito'y lubos kong isinusuko.
3. O, Dios, ako'y Iyong subaybayan  
Gabi't araw.  
Sa paglakad ko'y Iyong tanglawan  
Ng 'Yong ilaw.  
H'wag Mong itulot, ako'y maligaw  
Hanggang yaring buhay ay pumanaw.

Copyright→ ©

meter→ 10, 4, 10, 4, 10, 10

tune→ Sandon

# 171: Magtatapat Ako

1. Magtatapat ako sa aking dako;  
May tiwala ang Ama sa akin  
Na iingatan ko ang Kanyang yaman –  
Nawa, hindi ko ito sirain.
2. Magtatapat ako sa aking dako;  
Ang bayan N'ya'y may tiwala sa 'kin.  
Katotohanan nawa'y panindigan,  
Upang hindi ko sila biguin.
3. Magtatapat ako sa aking dako;  
Naliligaw, may tiwala sa 'kin.  
Kung hanapin nila ang Manunubos,  
Daan N'ya nawa'y masumpungan din.
4. Magtatapat ako sa lahatlahat  
Na sa 'ki'y ipinagkatiwala;  
Nawa, kaylan ma'y 'di ko S'ya biguin  
Hanggang makita ko'ng Kanyang mukha.

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10

## 172: Ang Buhay, O, Anong Dilim

1. Ang buhay, O, anong dilim  
Kung si Jesus 'di nabuhay  
At naghayag ng kalo'ban  
Ng Dios Ama sa 'ting buhay.
2. Aba ang kaluluwa ko  
Kung si Jesus 'di namatay.  
Sa dugo N'yang ibinuhos,  
Ako'y may pagasang tunay.
3. 'Di ko masundang magisa  
Ang landas ng kabuhatan  
Kung puso ko'y 'di ginawa  
Na sarili N'yang tahanan.
4. Buhay ko'y walang pagasa  
Kung S'ya'y 'di namamagitan;  
Ngayo'y lalapit na ako  
Sa mal'walhating luklukan.
5. Ang mundo'y 'di ko tahanan –  
Ako'y Kanyang babalikan.  
Si Cristo ang lahat sa 'kin  
'Pag sapit ng kamatayan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Hursley

# 173: Sa Paglakad Kong Kasama ng Dios

1. Nawa sa aking paglakad  
Na kasama ng Dios,  
Sundin ko ang Kanyang utos,  
Pasakop nang lubos.
2. Sa pagsunod sa Pangino'n  
Ay may kalayaan;  
Sa pagpigil sa sarili,  
May kapayapaan.
3. Ang umiibig sa buhay,  
Mawawalan nito;  
Mananatiling magisa,  
Walang bunga rito.
4. Ang paggawa'y nagbibigay  
Ng kapangyarihan,  
Upang magtagumpay laban  
Sa 'king kasamaan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

tune→ Lloyd

## 174: Manunubos Ko

1. Manunubos ko, aking kaligtasan,  
Sa 'Yong dugo lang may katubusan.  
Ang biyaya Mo ay aking kaylangan,  
Nang pagsuko'y aking matutuhan.
2. Ang sarili ay lubhang humahadlang,  
Na sa sala, ako'y makalagan.  
Ipagkaloob Mo ang 'Yong biyaya  
Upang Ika'y aking paglingkuran.
3. 'Pag wala Ka ay matigas ang puso;  
Kaylangan ko'ng 'Yong pagibig, awa.  
Hinihiling ko ang 'Yong Espiritu  
Nang madama, kapangyarihan N'ya.
4. Nais kong mapuspos ng 'Yong biyaya;  
Linisin at angkinin, puso ko.  
Sa 'Yong habag, dugo Mo'y ibinuhos;  
Nagtagumpay Ka, Iyo na ako.
5. Nawa'y tulungan Mo akong lumakad  
Na sakdal at walang kapintasan.  
Magulong kaisipa'y pigilan Mo,  
Nang l'walhatiin ko, 'Yong pangalan.

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10

## 175: Ang Kalugdan ng Dios, Mahalaga

1. Ang kalugdan ng Dios, mahalaga;  
Mayro'n bang ibang nanaisin pa?  
Ito nawa'y magudyok sa atin,  
Sa Kanya'y ihandog, buhay natin.
2. Kinalugdan ng Dios, Kanyang Anak.  
'Di S'ya nagkulang sa pagsisikap;  
Kanyang tinapos ang paglalakbay –  
Ngayo'y nasa trono, nabubuhay.
3. Nais kong taglayin ang wangis N'ya,  
Magbata man akong kasama N'ya,  
Tulad sa manga taong nagtapat  
Sa pagsusuko sa Dios ng lahat.
4. Ang kalugdan ng Dios, pagpapala;  
Papuri ng tao'y nawawala.  
Pagharian Mo ang puso ko, Dios,  
Nang magtapat katulad ni Jesus.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 10

tune→ Old 124th (abridged)

## 176: Si Jesus na Manunubos

1. Si Jesus na Manunubos,  
Sa ati'y nagiwan,  
Mangaaliw, Tagaakay,  
At Kanlungan.
2. Laging tapat at matamis,  
Pakikisama N'ya.  
Sa pusong may kababaan,  
Payapa S'ya.
3. Ang tinig N'ya'y nagaalis  
Ng ating balisa,  
Bawa't maling pagiisip,  
At pangamba.
4. Ang bawa't tagumpay natin,  
Ugaling maganda,  
At manga isipang banal,  
Tanging Kanya.
5. Iyong kahabagan kami Espiritung banal  
Sa 'ming kahinaan.  
Kami'y marapating gawin,  
'Yong tahanan.

meter→ 8, 6, 8, 4

tune→ St. Cuthbert



# 177: Mapalad ang Walang Dungis

1. Mapalad ang walang dungis,  
Nasa gitna man ng sala,  
Lumalakad sa Kanyang da'n,  
Inaakay ng kamay N'ya.

*Koro*

*Inilapit sila sa Dios  
Ng dugo ni CristoJesus.*

2. Mapalad ang walang dungis,  
Kalo'ban N'ya'y iniibig,  
Buongpusong sumusunod,  
Dios, S'yang lakas nila't bisig.
3. Mapalad ang walang dungis,  
'Di patatalo sa tukso  
'Pagka't sila'y tumitingin  
At sumusunod kay Cristo.
4. Mapalad ang walang dungis  
Na sumasamba sa Kanya,  
Puso't pagibig ay wagas,  
May galak sa biyaya N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8

tune→ St. Catherine

# 178: Ang Isip ni Cristo

1. Ang isip ni Cristo  
Ay aking kaylangan  
Nang ang Kanyang manga utos,  
Aking sangayunan.

*Koro*

*Espiritung Banal,  
Patnubayan ako  
Upang ako'y makawangis  
Ng Panginoon ko.*

2. Ang isip ni Cristo  
Ay aking kaylangan  
Nang tupdin kong buongpuso,  
Kanyang kalooban.
3. Ang isip ni Cristo  
Ay aking kaylangan  
Nang lumago sa biyaya  
At Kanyang kalugdan.
4. Ang isip ni Cristo  
Ay aking kaylangan  
Nang malubos sa pagibig  
At sa kabanalan.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

tune→ Leominster

# 179: Pag-asa Ko Ay Na Kay Cristo

1. Pagasa ko ay na kay Cristo.  
S'ya'y aking aliw sa lumbay.  
Kahit malayo ang lakbayin,  
Alam kong S'ya ang aakay.

*Koro*

*Kahit sala'y pumalibot,  
Puso ko'y 'di matatakot.  
Si Jesus ang aking kanlungan;  
May galak ko S'yang susundan.*

2. Kamay N'ya ang magsasanggalang  
Laban sa aking kaaway.  
Tiwala ko'y sa pangalan N'ya;  
Tiyak ang aking tagumpay.
3. Kaylan man ay 'di iwawalay,  
Awa N'ya sa pusong tapat.  
Alam N'yang tayo'y mahihina;  
Diwa't lakas N'ya ay sapat.
4. S'ya'y nananahan sa maamo;  
Ang payo N'ya'y aliw nila.  
Sa pusong mayro'ng kababaan,  
S'ya'y naghaharing may tuwa.

Copyright→ ©

meter→ 9, 8, 9, 8, 8, 8, 9, 8

## 180: O, Dios, Salamat sa Iyo

1. O, Dios, salamat sa Iyo  
Dahil sa 'Yong daan  
At sa ilaw na tumanglaw  
Sa 'king buhay na narimlan.  
May tugon, puso ko  
Sa bawa't hipo Mo.
2. Ang puso at kalul'wa ko,  
Nagpupuri sa 'Yo  
Dahil sa pagpapala Mo  
At sa Iyong pagtuturo.  
Nawa'y piliin ko  
Ang kalooban Mo.
3. Dios, akong makasalanan,  
Sa 'Yo'y sumasamo.  
Tulungan Mong daigin ko  
Ang sarili at sala ko  
Nang maging malaya  
Ang aking kalul'wa.
4. Nais kong lakarang tapat,  
Makitid Mong daan  
Nang makita sa 'king buhay  
Ang tunay na kagalakan  
At ang kasiyahan  
Na nasa Iyo lang.

Copyright→ ©

meter→ 8, 6, 8, 8, 6, 6

tune→ Spencer

# 181: O, Dios na Naglalaan Pa

1. O, Dios na naglalaan pa  
Ngayon sa bayan Mo;  
Umakay sa nangauna  
Sa daan ding ito.
2. Ngayon ang aming dalangin,  
Iyo nawang dinggin.  
O, Dios ng magulang namin,  
Maging Dios din namin.
3. Hakbangin namin sa buhay,  
Iyong patnubayan;  
Kakanin nami'y ibigay,  
At kami'y 'Yong damtan.
4. Sa aming manga lakbayin,  
Kami ay ingatan  
Hanggang sa marating namin  
Ang Iyong tahanan.

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

tune→ Evan

## 182: No'ng Ako ay Nasa Dilim

1. No'ng ako ay nasa dilim,  
'Di ko kilala ang Dios;  
Nang tanggapin ko si Jesus,  
Kasiyahan ko'y lubos.

*Koro*

*Kay Jesus, kay Jesus,  
Nasisiyahan ako;  
Pinapatnubayang lagi  
Ng Kanyang Espiritu.*

2. Si Jesus ang aking Hari,  
Katotohana't Daan;  
Hindi ako hihiwalay –  
S'ya ang aking susundan.
3. Sa 'king sala'y pinalaya,  
At ako'y tinubos N'ya;  
Sa buhay ko arawaraw,  
Nais kong sundan Siya.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 7, 8, 7

## 183: Humawak Kang Matibay kay Jesus

1. Humawak kang matibay kay Jesus, O, kalul'wa;  
Dapat dumaan ang gabi bago magumaga.  
Daa'y mahirap, nakatatakot;  
Tumingala ka, malapit lang S'ya.
2. Nalalaman N'yang lubos ang daan, manalig ka,  
Masdan mo S'ya; ang iyong pangamba ay alam N'ya.  
Pagasa't kaybigan ma'y mawala,  
O, humawak ka pa rin sa Kanya.
3. Tumalaga, magpakatampang ka, O, kalul'wa,  
Pagbubukangliwayway, sasapit, umasa ka.  
Maigsi lamang ang ating buhay;  
Humawak kang mahigpit sa Kanya.
4. 'Pag ang iyong buhay ay maayos, humawak ka.  
Panganib ma'y 'di natin mapansin, magtiwala.  
Sa liwanag at sa kadiliman,  
Kaylangan natin ang biyaya N'ya.

Copyright→ ©

meter→ 14, 14, 10, 10

tune→ Sandon

## 184: Jesus Kung kita'y Isipin

1. Jesus kung kita'y isipin,  
Puso'y mapayapa;  
Nguni't lalo ang galak ko,  
Mukha Mo'y makita.
2. Walang awit o salita  
Na kasusumpungan,  
Ng higit na katamisan  
Kaysa 'Yong pangalan.
3. Pagasa Ka't kaaliwan  
Sa pusong bagabag,  
Lakas sa nangatitiod –  
Sa lahat, may habag.
4. Pagibig Mong anong wagas,  
'Di kayang ihayag;  
Nguni't sa nakatutuklas,  
Ito'y maliwanag.
5. Ika'y aking kagalakan,  
Tanging kagantihan,  
At kal'walhatian ngayon  
At magpakaylan man.

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

tune→ St. Agnes



# 185: Ilalagak Ko kay Jesus

1. Kapag ang aking pasanin,  
'Di ko maunawaan,  
Ilalagak ko kay Jesus,  
Ang 'di kayang mapasan.

*Koro*

*Ilalagak ko kay Jesus,  
Lahat ng 'di ko kaya;  
'Pagka't aking nalalaman,  
S'ya'y nakauunawa.*

2. Malimit, tanong ng tao'y,  
"Ano ba ang kat'wiran?"  
Salita't buhay ni Jesus  
Ang tanging kasagutan.
3. Minamasdan kong palagi  
Si Jesus na matapat.  
Manga bagay nitong mundo,  
Iiwanan kong lahat.
4. S'ya'y makikita ng lahat –  
Na buhay, naghahari.  
Sa Kanya, lahat ng bansa,  
Luluhod, magpupuri.

Copyright→ ©

composer→ M. J. Babbit

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

# 186: Nangako Akong Maging Tapat

1. Nangako akong maging tapat,  
Maglingkod sa Dios kaylan man;  
Puso ko'y tunay sa layunin,  
Daan ko man, may hadlangan.

*Koro*

*Inihayag ko na ang pagsuko;  
May tatak N'ya ang tipan ko.  
Aliw ng lupa'y tinakwil na,  
Buhay ko ay sa Kanya na.*

2. Nangako akong maging tapat,  
Susundan ko S'ya sa daan;  
Pagibig N'ya'y iniingatan,  
Mahal man ay babayaran.
3. Nangako akong maging tapat;  
Panginoo'y S'yang kaybigan,  
At ako'y kakapit sa Kanya,  
Sa libis ng kamatayan.
4. Pangako ko'y 'di magbabago  
Kahit may sakit at gulo;  
Mabuting mamatay kay Cristo  
Kaysa aliw nitong mundo.

Copyright→ ©

meter→ 9, 8, 9, 8, 10, 8, 9, 8

# 187: Jesus, Ako'y Tulungan Mo

1. Jesus ako'y tulungan Mo  
Na sumuko sa Iyo;  
Arawaraw ay lumakad  
Ayon sa Iyong payo.

*Koro*

*Jesus, ako'y tulungan  
Magtapat sa 'Yo lagi;  
Nawa ang 'Yong kalo'ban,  
Sa akin ay mangyari.*

2. Bawa't kalaban at hadlang  
Ay layon kong daigin;  
Sa tulong ng Espiritu,  
Ako'y 'Yong palakasin.
3. Kapag sinusubok ako,  
Jesus, Iyong ingatan;  
Bigyan Mo ako ng aliw  
Sa aking kalungkutan.
4. Taglay ang layuning tapat  
At kapangyarihan Mo,  
Laban ay haharapin ko  
Hanggang magwagi ako.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 7, 7

# 188: Sandaling Oras na Magpuyat

1. Sandaling oras na magpuyat tayo,  
Kasama ng ating Panginoon;  
Upang tayo sa walang hanggang buhay,  
Kasama N'yang mananahan doon.

*Koro*

*Kayo'y magpakatayang at magpuyat;*

*Gumising at ayusin ang buhay.*

*Ang Tagapagligtas ay sumasamo;*

*'Di ba kayo makapaghihintay?*

2. Sandaling oras lamang na magtiis,  
Kasama ng bayan ng Dios dito.  
Sandaling oras, tapos na ang hirap;  
Kasama N'ya'y maghahari tayo.
3. Sandaling oras, may manga pagsubok,  
Pagkatapos ay pahingang tunay.  
Sandali lang, pagtangga sa sarili,  
Pagkatapos, walang hanggang buhay.

composer→ Geo. C. Stebbins

meter→ 11, 10, 11, 10, 11, 10, 11, 10

# 189: Samantalahin ang Oras

1. Sandaling oras, pasanin  
Ang krus at sundin si Cristo;  
Sa Kanya ay makiramay  
Hanggang sa mamatay tayo.

*Koro*

*Lilipas ang buhay natin –  
Magpuyat at manalangin.  
Samantalahin ang oras –  
Maglingkod hanggang sa wakas.*

2. Sandaling oras, lumaban  
Sa manga tukso sa buhay.  
Si Cristo'y kakampi natin,  
At tayo'y magtatagumpay.
3. Sandaling oras, ingatan  
Ang pananampalataya,  
Sa ikaluluwalhati  
Ng dakilang pangalan N'ya.
4. Sandaling oras, magtiis  
Bago umabot sa langit;  
Makikita S'yang mukhaan,  
Putong, ating makakamit.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8, 8 (L.M.D.)

tune→ Higher Ground

## 190: O, Magpatuloy Ka

1. O, magpatuloy kang kasama ni Jesus;  
May galak na tumatalima sa Ama.  
Sa gitna ng sala, dinggin ang tinig N'ya  
Na nagsasabi, "Pumayapa ka."
2. "Hindi ka iiwan," ang wika ni Jesus –  
S'yang dumanas ng maraming kahirapan,  
"Ako ay sasama sa iyo palagi  
Maging sa dilim o liwanag man."
3. Walang tumutulong, katulad ni Jesus,  
At magiingat sa 'yo, sa sanlibutan.  
Ika'y aakayin hanggang manahin mo,  
Ang 'dikukupas na kayamanan.
4. O, magpatuloy kang kasama ni Jesus  
Sa dakilang labanang 'yong sinimulan.  
Nabibilang ka sa manga hinirang N'ya –  
Laging tapat at maaasahan.

Copyright→ ©

meter→ 12, 12, 12, 10

tune→ Nicaea

# 191: Malapit sa Iyo

1. Jesus, akin Ka kaylan man;  
Higit pa sa 'king buhay.  
Ikaw ay kaybigang tunay  
Sa aking paglalakbay.  
Malapit sa Iyo,  
Malapit sa Iyo;  
Sa buo kong paglalakbay,  
Paakay nawa sa 'Yo.
2. Sa 'king dalangin, ang samo  
Ay 'di ang kabantugan  
Kundi ang Iyong pagsama  
May manga tiisin man.  
Malapit sa Iyo,  
Malapit sa Iyo;  
Magpapagal na may galak;  
Samahan Mo lang ako.
3. Sa libis ng kamatayan,  
Ako'y Iyong samahan;  
Sa akin ay Iyong buksan,  
Pinto ng 'Yong tahanan.  
Malapit sa Iyo,  
Malapit sa Iyo;  
Sa walang hanggang tahanan,  
Patuluyin Mo ako.

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 6, 8, 7

## 192: Bagong Jerusalem

1. Sa bayan ng Bagong Jerusalem,  
May luklukang mal'walhati.  
Ang isang gintong putong ng buhay,  
Ibibigay sa nagwagi.

*Koro*

*Hanggang Ako'y pumariyan,  
Magpuyat at magtapat ka.  
O, ang sinag ng umaga,  
Lumilitaw, magsikap ka.*

2. "Ingatan mong tapat, pangalan Ko.  
Ang panaho'y malapit na;  
'Di magtatagal, bibigyan Kita  
Ng tunay na gantimpala."
3. Hanggang sa pagbubukangliwayway,  
Manatiling saksing tunay  
Sa patotoo ni JesuCristo –  
Namatay at nabubuhay.
4. "Ako ay madaling dumarating".  
Panghawakan mong matibay  
Ang pagasa mong nasa kay Cristo –  
Putong ng pagtatagumpay.

Copyright→ ©

meter→ 10, 8, 10, 8, 8, 8, 8, 8



## 193: Awit ng Kabanalan

1. O, awitin mo sa akin,  
Awit ng kabanalan.  
Bayaan sa sanlibutan,  
Awit ng saya't yaman;  
Nguni't kay tamis ng awit  
Ng manga anak ng Dios,  
Nagpapagalak sa puso,  
May pagpupuring lubos.
2. Sa pagbubukangliwayway,  
Sa aki'y awitin mo  
Ang dakilang awa ng Dios,  
T'wing umaga ay bago.  
Sa pagsapit ng tanghali  
At puso'y nabigatan,  
Ang kalul'wa ko'y awitan,  
Dalhin sa dalanginan.
3. O, ako'y iyong awitan  
Sa pagsapit ng dilim,  
At ako'y papalapit na  
Sa dulo ng lakbayin.  
Sakaling ako'y matakot,  
Minsan pang iparinig  
Sa akin ang manga awit,  
May pangaliw ang himig.
4. O, awitin mo sa akin,  
Awit ng pagkabuhay.  
Babalik ang Panginoon;  
Papawiin ang lumbay.  
Hindi mabilang na tinig  
Do'n sa tahanan ng Dios,  
May 'sang himig, bagong awit –  
Awit ng Anak ng Dios.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7

## 194: Hanggang Mag-umaga

1. Dios, ang Iyong bayan,  
Bigyan Mong biyaya  
Nang dako'y ingatan  
Hanggang magumaga.
2. Lingkod Mo'y tulungan  
Hanapin 'Yong tupa,  
Bantayan ang kawan  
Hanggang magumaga.
3. Ang tapat Mong lipi  
Nawa'y magkaisa,  
At mangagibigan  
Hanggang magumaga.
4. Sa 'ming abang buhay,  
Kinakaylangan Ka,  
Habang hinihintay  
Ang bagong umaga.

Copyright→ ©  
meter→ 6, 6, 6, 6  
tune→ Darak

# 195: Binabautismuhan

1. Sa ngalan ni Jesus,  
Binabautismuhan;  
Kanyang daa'y susundan ko  
Na may kababaan.
2. Sa ngalan ni Jesus,  
Binabautismuhan;  
Ang mamatay sa sarili  
Ay may pakinabang.
3. Sa ngalan ni Jesus,  
Binabautismuhan;  
Kanyang ibabangon ako  
At paghaharian.
4. Sa ngalan ni Jesus,  
Binabautismuhan;  
S'ya'y aking paglilingkuran  
At papupurihan.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6 (S.M.)

tune→ Trentham

## 196: May Galak kay Cristo

1. May galak kay Cristo,  
Tinatahak ang da'n,  
Iniibig ang utos N'ya –  
Aming sinusundan.  
Sa ngalan ni Jesus,  
Binabautismuhan –  
Inihahayag sa lahat,  
Kami'y sa Kanya lang.
2. No'ng malayo sa Dios,  
Kami'y tinawag N'ya;  
Ngayo'y sumusukong lubos  
At tumatalima.  
Sa Kanyang pangalan,  
Binabautismuhan –  
Aming pinatutunayan,  
Na S'ya ang kat'wiran.
3. Inaakay kami  
Ng kamay ni Jesus;  
Mundo'y tinatalikuran,  
Nagsisising lubos.  
Sa Kanyang pangalan,  
Binabautismuhan;  
S'ya nga ang katotohanan –  
Ang buhay at daan.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

tune→ Nearer Home

# 197: Ikaw ay Karapatdapat

1. Ikaw ay karapatdapat,  
Jesus na aming Hari,  
Na S'yang aming paghandugan  
Ng pinakamabuti.  
Kung kahirapa'y danasin,  
O, tulungan Mo kami  
Upang kami'y magsiawit  
Ng banal na papuri.

*Koro*

*Kami'y tinubos Mo,  
Ng dugo Mo, Cristo  
Do'n sa krus ng Calvaryo  
Upang maging Iyo.*

2. Ikaw ay karapatdapat,  
O, Corderong namatay,  
Na Siyang muling mabuhay  
Dito sa aming buhay.  
Sa 'Yo, aming iaalay,  
Pagibig at papuri;  
Lagi Kang karapatdapat  
Sa aming pagl'walhati.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 8, 7, 8, 7, 6, 6, 7, 6

# 198: Linisin Mo Ako

1. Linisin Mo ako,  
O, Cordero;  
Sa mahal Mong dugo,  
Hugasan ako.  
Ang lahat kong batik  
Ay Iyong pawiin,  
At sa Iyong anyo,  
Ako'y hubugin.
2. Linisin Mo ako,  
O, Cordero;  
Nang ang aking buhay,  
Matulad sa 'Yo.  
Nawa'y 'Yong tulutan,  
Dugo Mo'y mabuhos  
Nang pusong masama,  
Linising lubos.
3. Linisin Mo ako,  
O, Cordero;  
Habang may tiwala,  
Malilinis Mo.  
Sa 'Yo, bawa't araw,  
Ay aking dadalhin –  
Puso at buhay ko,  
Nang dalisayin.

meter→ 6, 4, 6, 5, 6, 6, 6, 5

tune→ Bethany

## 199: Sa Lahat ng Sala

1. Sa lahat ng sala,  
Nilinis Mo ako;  
Ito na nga, Panginoon,  
Ang Iyong pangako.  
Ang nagdaang buhay  
Tinatalikdan ko;  
Sa krus ay iniaalalay  
Ang buong buhay ko.
2. Takot kong itago,  
Ang sala ko sa 'Yo.  
Kataasa'y iniwan;  
Magtatapat sa 'Yo.  
Ako'y tanggapin Mo  
Sa 'king kalagayan;  
'Pagka't ang ninanais ko,  
Buhay, kalayaan.
3. Sa aking sarili,  
'Di kayang abutin  
Ang paglilinis Mong laan  
Na ukol sa akin.  
Ang Iyong biyaya  
At kapangyarihan  
Sapat, na sa bawat oras  
Ako'y maingatan.

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

tune→ Nearer Home

## 200: Daan ng Calvaryo

1. Daan ng Calvaryo,  
Tinahak ni Jesus;  
Ang buhay ay inihandog  
Ng Cordero ng Dios.

*Koro*

*Nagpapasalamat  
Kami sa tinapay  
Na buhay N'ya, at sa saro  
Na dugo N'yang alay.*

2. Ang sala ng mundo  
Ay Kanyang pinasan;  
Halaga ng katubusan,  
Kanyang binayaran.
3. Kami'y hinugasan  
Buhat sa 'ming sala;  
Bigyan kami ng biyaya  
Upang ibigin S'ya.

Copyright→ ©

meter→ 6, 6, 8, 6, 6, 6, 8, 6 (S.M.D.)

tune→ Leominster



## 201: Calvaryo'y Inaalaala

1. Dios, kami'y nagkakatipon  
Dito sa paanan Mo;  
Calvaryo'y inaala'la  
Sa tinapay at saro.

*Koro*

*Inaalaala,  
Handog N'ya sa Calvaryo;  
Ang tinapay, katawan N'ya –  
Ang saro, Kanyang dugo.*

2. Sa gabi ng kalungkutan,  
Nanalanging magisa;  
Pinawisan S'ya ng dugo  
Dahil sa aming sala.
3. S'yang inilabas sa bayan,  
Pasan ang sala namin;  
Nagbata ng kamatayan  
Nang langit, aming kamtin.
4. Kay Jesus na S'yang umibig  
At naglinis sa amin  
Buhat sa 'ming manga sala –  
Papuri'y handog namin.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 6, 7, 8, 7

## 202: Dios, Buhay Ko'y Siyasatin

1. Dios, buhay ko'y siyasatin,  
Gawa ko'y suriin  
Ayon sa Iyong nakita,  
Ihayag Mo sa 'kin.
2. Siyasatin ang isip ko  
At manga layunin.  
Ang narurumhan kong puso  
Ay Iyong linisin.
3. Siyasatin Mong lubusan  
Ang buong buhay ko  
Hanggang aking matutuhan,  
Magsumamo sa 'Yo.
4. Tulungan Mong malaman ko  
Ang tungkol sa Iyo  
At ang Iyong pagibig, Dios,  
Na nasa kay Cristo.

meter→ 8, 6, 8, 6 (C.M.)

tune→ Abney

## 203: 'Pag Minamasdan Ko ang Krus

1. 'Pag minamasdan ko ang krus  
Na Kanyang kinamatayan,  
Natamo kong kayamanan,  
Sa akin, kalugihan lang.
2. 'Di ako magmamapuri  
Maliban sa krus ni Cristo.  
Alangalang sa dugo N'ya,  
Tinatangihan ko'ng mundo.
3. Masdan mo S'ya doon sa krus,  
Kanyang hapis at pagibig;  
O, dapat bang pagibig N'ya  
Ay masuklian ng tinik?
4. Kung akin ang buong mundo,  
'Di sapat ialay ito.  
Handog na dapat sa Kanya,  
Buong buhay at lahat ko.

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Rockingham

## 204: Panginoon, Ako'y Siyasatin

1. Panginoon, ako'y siyasatin,  
At yaring puso ko ay tarukin;  
Gawin Mong dalisay ang puso ko  
Upang malayang maglingkod sa 'Yo.
2. Panginoon, puso ko'y suriin  
Sa salita Mo, ako'y subukin.  
Alamin kung ako'y Iyong tunay;  
Pagasa'y sa 'Yo nakasalalay.
3. Panginoon, ako ay suriin;  
Tulad sa ginto ay dalisayin.  
Ang budhi ko'y Iyong siyasatin,  
At sa kubling sala ay linisin.
4. Panginoon, sa 'Yong kahabagan,  
Ako'y akayin sa Iyong daan.  
Tinig Mo'y aking tatalimahin  
Hanggang katapusan ng lakbayin.

Copyright→ ©

meter→ 10, 10, 10, 10

## 205: Tinubos Tayo ni Cristo

1. Tinubos tayo ni Cristo  
'Di ng pilak at ginto  
Kundi ng mahal N'yang dugo –  
S'ya'ng dakilang Cordero.

*Koro*

*Si Jesus ang nagligtas,  
S'yang sa ati'y tumubos.  
Pagibig na 'di masayod,  
Inihayag N'ya do'n sa krus.*

2. 'Di tinubos na mabuhay  
Sa walang kabuluhan.  
Alam N'ya ang kahinaan,  
At may lakas S'yang laan.
3. 'Di tinubos na mabuhay  
Sa manga kalayawan.  
Maigsi lang, ating buhay;  
Nawa'y Kanyang kalugdan.
4. O, anong dakilang awa –  
Tayo'y Kanyang tinubos.  
Walangsalang Anak ng Dios,  
S'ya'ng ating Manunubos.

Copyright→ ©

meter→ 8, 7, 8, 7, 7, 7, 8, 8

## 206: Sa Dugo ng Iyong Cordero

1. Dios, sa dugo ng Iyong Cordero,  
Nilinis Mo ang buhay ko.  
Buhat sa manga pagkakasala,  
Linisin Mo ang budhi ko.  
Kahit nagkasala at narimlan,  
At kabiguan ay naranasan,  
Sa pangako Mo ako'y nanangan.  
Nilinis Mo ang buhay ko.
2. Buhat sa maraming alinlangan,  
Nilinis Mo ang puso ko.  
Buhat sa lahat ng katakutan,  
Nilinis Mo ang loob ko.  
Kulang man ako sa pangunawa,  
Paaakay na tulad sa bata.  
Pagasa ko'y sa Iyong biyaya.  
Nilinis Mo ang buhay ko.
3. Sa takot sa pagkutya ng tao,  
Linisin Mo ang isip ko.  
Sa takot magbigaypatotoo,  
Linisin Mo ang loob ko.  
Sa pagibig Mo'y palaksin ako  
Nang ihayag na ako'y sa Iyo.  
'Yong pinatawad, aawit ako –  
Nilinis Mo ang buhay ko.

meter→ 10, 8, 10, 8, 10, 10, 10, 8

## 207: Wala Ngang Kapakinabangan

1. Wala ngang kapakinabangan,  
Malibang may kalugihan;  
Ang binhi upang mamunga,  
Kaylangang mamatay muna.  
O, iyong tutulutan ba  
Na buhay mo'y 'di magbunga?
2. S'yang umiibig sa sarili,  
Nalulugi nang malaki,  
At nagkakait sa iba,  
Kaligtasan ng kalul'wa;  
Matitiis mo ba sila,  
Maiwang walang pagasa?
3. 'Pag minamasdan mo'ng bukirin  
Na nakahandang anihin,  
Natitiyak mong may buhay,  
Tulad sa binhi'y namatay;  
May manga nagpakasakit,  
Nanalangin, at nanaig.

meter→ 9, 8, 8, 8, 8, 8

tune→ Stella

## 208: Aruga Mo'y Kaylangan Ko

1. Aruga Mo'y kaylangan ko;  
Wala akong makanlungan.  
Sa Iyo'y may kasiyahan,  
Tunay na kapahingahan.
2. Biyaya Mo'y kaylangan ko  
Sa pakikibaka t'wina  
Upang matumpak ang hakbang,  
At pasanin ko'y madala.
3. Si Cristo ay kaylangan ko  
Upang payapain ako,  
At pigilan ang gawa ko  
Kung 'di ayon sa nais Mo.
4. Kapatawara'y kaylangan;  
Kay limit kong sumalansang.  
Paglilinis ng dugo N'ya  
Ang aking pagasa lamang.
5. Dukha ma'y nasisiyahan  
'Pagka't Iyong nalalaman  
At ipinagkakaloob  
Ang aking pangangaylangan.

Copyright→ ©

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Hursley



## 209: Magpapatuloy Nga Tayo

1. Magpapatuloy nga tayo  
Na may galak sa paggawa  
Ng kalooban ng Ama,  
Si Jesus ang halimbawa.
2. Magpapatuloy nga tayo  
Sa paglilingkod sa Kanya.  
May kalugihan man dito,  
Tayo ay gagantihan N'ya.
3. Manga tao'y namamatay  
Sa dilim ng kasalanan;  
Ilaw ipakita natin,  
Sulo ng katotohanan.
4. H'wag nga tayong manlupaypay,  
Magpuyat at manalangin.  
Yumaon tayo sa mundo,  
Gumagala'y pauwiin.

meter→ 8, 8, 8, 8 (L.M.)

tune→ Duke Street

## 210: Ang Tawag Mo

1. Ang tawag Mong narinig noong una,  
Jesus, muling iparinig sa 'kin.  
Tawag upang iwan bayan at lipi,  
Ulitin Mo, "Sumunod ka sa 'Kin."
2. Tulutan Mong bukirin ay masdan ko –  
Ang nasa malapit o malayo,  
At itulot Mong buhay ko'y ihandog  
Na maghasik o magani sa 'Yo.
3. Jesus, tulungan Mo akong makita  
Ang karamihang tulad sa tupa  
Na nangangalat at walang aruga;  
Namatay Ka dahil sa kanila.
4. Hipuin Mo ang puso ko ng awa;  
Nawa'y umibig akong tulad Mo.  
Marubdob kong layuni'y pagalabin  
Nang nawala'y akayin ko sa 'Yo.
5. Nawa'y 'di ako manlamig, Pangino'n;  
Kundi, ako'y sumipag, sumigla,  
At Pangino'n, sa Iyong pagbabalik,  
Ako'y datnan Mong nagpapagal pa.

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10

## 211: Inudyukan ng Pag-ibig

1. Narinig ko, tawag ng Dios;  
Haharapin 'di ko man talos,  
Ito'ng tugon ng puso ko,  
"O, Dios, suguin Mo ako."

*Koro*

*Inudyukan ng pagibig,  
Ako ay muling yayaon;  
Sa puso ko'y nagaalab  
Ang pagibig sa Pangino'n.*

2. Naririnig ko ang daing  
Nilang manga nasa dilim;  
Muli, ito ang tugon ko,  
"O, Dios, suguin Mo ako."
3. Maraming nangangaylangan;  
Ako'y walang alinlangan  
Na tutugon sa tawag Mo,  
"Pangino'n, narito ako."
4. Tataglayin ko'ng ngalan N'ya  
Bilang tugon sa awa N'ya.  
Cristo'y aking tutularan –  
S'yang walang hanggang uliran.

Copyright→ ©

composer→ Elizabeth Pate

meter→ 8, 9, 8, 8, 8, 8, 8, 8

## 212: Lumalalim Pang Lalo ang Gabi

1. Lumalalim pang lalo ang gabi;  
Sa piling ko, Dios, ay lumagi Ka.  
Mawala man ang tulong ng iba,  
Hanggang sa wakas, suma akin Ka.
2. Kay bilis lumipas, manga araw.  
Napaparam ang puri at tuwa;  
Lahat ng bagay ay nagiiiba.  
O, 'Dinagmamaliw, manahan Ka.
3. Bawa't saglit ay kailangan ko,  
Biyaya Mong daraig sa tukso;  
Sino'ng maaasahang tulad Mo?  
Dios, sa t'wina, akbayan Mo ako.
4. Wala akong takot, kung akay Mo.  
Kahit may luha at kasakitan,  
Magtatagumpay sa kamatayan  
Kung ako ay Iyong sasamahan.

meter→ 10, 10, 10, 10

tune→ Eventide

## 213: Sa Dios, Ako ay Nag-iisa

1. Sa manga unos ng pagsubok  
Na darating sa buhay ko  
At sa manga kabagabagan,  
Si Cristo ang kanlungan ko.

*Koro*

*Sa Dios, ako, ay nag-iisa;  
O, kay tamis na pahinga.  
Sa Kanya'y may pakikisama;  
Pagibig N'ya'y nadarama.*

2. Madilim man ang karanasan,  
Malinaw kong nakikita  
Ang sinag ng bagong pagasa  
Sa banal na kalo'ban N'ya.
3. Kay Jesus ay nasusumpungan  
Ang bukal ng bagong lakas;  
Habang kami ay magkasama,  
Ang ganda N'ya'y namamalas.
4. 'Pag sa akin ay sumapit na  
Ang pagpanaw ko sa mundo  
At pagkatawid ko ng ilog,  
Sasa Kanyang piling ako.

meter→ 9, 8, 9, 8, 9, 8, 9, 8

## 214: Sa Panahong Madilim

1. Sa panahong madilim,  
Lumalapit ang Dios  
Upang magbigaypayo,  
Umaliw nang lubos.  
Tayo'y iwinawasto  
Sa kahabagan N'ya;  
Tu matamis pang lalo,  
Pakikisama N'ya.
2. H'wag tayong mangatakot  
Sa kinabukasan;  
Pagibig ang nagbalak  
Bawa't karanasan.  
Sa pagsampalataya,  
Kahit kamatayan  
At pagkatakot dito,  
Pinagtagumpayan.
3. Kalul'wa, magpatuloy,  
Langit ang mithiin.  
Gawa ng Dios sa iba,  
Sa 'yo'y gagawin din.  
Pagibig, nagbibigay  
Ng pagtatagumpay.  
Matatamo kay Cristo,  
Walang hanggang buhay.

Copyright→ ©

meter→ 7, 6, 7, 6, 7, 6, 7, 6

tune→ Rutherford

## 215: Maaalaala

1. Katulad ng manga tala ang buhay –  
Naglalaho sa bukanliwayway.  
'Pag ating pagpapagal ay tapos na,  
Tanging gawa ang maaalala.

*Koro*

*Maaalala, maaalala,*

*Maaalala sa ating gawa.*

*Ganyan ang ating paglisan lupa;*

*Maaalala lang sa 'ting gawa.*

2. Tayo kaya'y hanapin kung wala na,  
At bukid inaani ng iba?  
Oo, manghahasik man ay lilisan,  
Inihasik lang ang maiiwan.
3. Ang katotohanan sa buhay natin  
At ang binhing ating itinanim –  
Bunga nito ang maaalaala,  
Bagama't tayo'y nalimutan na.
4. 'Pag tinipon ng Dios, manga hiyas N'ya,  
At putong ay tanggapin na nila,  
Sa oras na yao'y maaala'la,  
Gawang tapat ng manga lingkod N'ya.

meter→ 11, 10, 11, 10, 10, 10, 10, 10

## 216: Yumao na Upang Magpahinga

1. Yumao na upang s'ya'y magpahinga –  
Ito'y kalo'ban ng ating Ama;  
Sa langit ay ligtas na't mapayapa,  
Wala ng kalungkutan at luha.
2. May ganting higit sa inaasahan –  
Galak sa langit na naghihintay  
Sa tagapagmana ng kaligtasan  
Na sa lupa'y sinubok na tunay.
3. Tinawag na upang s'ya'y magpahinga  
At si Jesus makitang mukhaan.  
Do'n, kamatayan ay 'di nananaig;  
Manga anghel ay nagaawitan.
4. Ang tinig Mo ay umaaliw sa 'min,  
Dios, Ikaw ang kagalakan namin;  
'Pag puspos ng lumbay ang aming puso,  
Nadaramang malapit Ka sa 'min.

Copyright→ ©

meter→ 11, 10, 11, 10



## 217: Lalong Malapit sa 'Yong Puso

1. Lalong malapit sa 'Yong puso –  
Ako'y ilapit, mahal na Cristo,  
At alalayan sa dibdib Mo;  
Sa pagibig, kanlungan Mo ako.  
Sa pagibig, kanlungan Mo ako.
2. Paglapit nawa'y makalugod,  
Kahit wala akong maihandog  
Kundi pusong makasalanan;  
Sa dugo Mo, ako ay hugasan.  
Sa dugo Mo, ako ay hugasan.
3. Lumalapit, Dios, ako'y sa 'Yo;  
Sariling daan, iniiwan ko –  
Kataasan, maling layunin;  
Si Jesus lang ang ibigay sa 'kin.  
Si Jesus lang ang ibigay sa 'kin.
4. Lumalapit, Dios, nang ilagay  
Ang aking lahat sa Iyong kamay;  
Lumalapit na sa tahanan  
Ng aking Dios at sa kaharian –  
Ako'y sa 'Yo magpakailan man.

meter→ 9, 10, 9, 10, 10

tune→ Nearer

## 218: 'Pag Sumapit Na Ang Kamatayan

1. 'Pag sumapit na ang kamatayan,  
'Di ko ito katatakutan;  
Kung si Jesus ang aking kaakbay,  
